


Sa mabilis na pagbasa ng ilang pahina ng Levitico, waring narito *ang* relihiyon ng Israel na binubuo ng sanlibong utos na idinikta ng Diyos kay Moises. Pero pakiwari lamang ito. Hindi nabago ang pananampalataya ng Israel kay Yawe, pero pumukaw ito o naghatid ng palagiang ebolusyon ng mga sistemang panrelihiyon.

Mga kaugalian lamang at mga paniniwala ng kanilang mga ninuno ang tanging pinanghahawakan ng mga Hebreo: walang pari ni mga santuwaryo ni mga banal na aklat. Si Moises ba ang nagtakda ng ilang utos na panrelihiyon? Malamang, pero tiyak na ipinalagay na siya ang nagtakda sa lahat ng utos na nasa aklat na ito.

Pagdating ng mga tribo sa Kanaan, nagkaroon sila ng kulto, sa paggaya nila, humigit-kumulang, sa mga ginagawa ng mga Kananeo sa kanilang mga templo. Sumunod ang panahon ng mga hari. Inorganisa ng mga inapo ni David ang mga pari sa paligid ng Templo ng Jerusalem. Ilan sa kanila ang nag-ingat sa kadalisayan ng kulto, o nagtakda ng liturhiya. Malapit ang pagkakaugnay ng relihiyon sa kaayusang panlipunan at kultura; kaya na nga ipinaubaya sa mga pari, halimbawa, ang pagsusuri sa ketong.

Isang katunayan ang impluwensiya ng mga propeta. Humihingi sila ng mas aktibong pananampalataya, kamalayan sa mahirap na hinihingi ng katarungan na nakaukit sa Tipan, pakikibaka sa mapangwatak na impluwensiya ng dayuhan. Nagsasalita sila tungkol sa paghahanda para sa hinaharap.

Ang pari at ang propeta ang nagpasigla sa pag-asa ng Israel. Walang dudang ito ang dahilan kung bakit ang mga batas pambayan at panrelihiyon nito ay nakaranas ng mas malaking ebolusyon kaysa mga batas ng ibang bansa. Pero pagkatapos ng pagkabihag sa Babilonia, kinailangan ng Israel na panindigan ang kanyang pagkakakilanlan para harapin ang kapakanang pambansa. Dahil dito, nagkaroon sa Israel ng konserbatibong kalakaran na palakas nang palakas sa paglipas ng mga dantaon. Kumakapit sa nakaraan ang mga tao at nakakalimutan nila ang kasalukuyan. Pinipili ng maraming Judio na sumandig sa konserbatismong panrelihiyon na binubuo ng mga ritwal at tradisyon, at ito ang mahigpit na tutuligsain ni Jesus (Mt 23).

Bahagi ng Kasulatan ang mga batas na ito at, samakatwid, Salita ng Diyos. Oo, pero mga salita ng Diyos na sinasabi sa isang bayang hindi pa nakikilala ang Kristo at hindi pa nararating ang panahon ng malago at mabungang pananampalataya. Kaya hindi natin maaaring tanggapin ang mga batas na ito at isagawa tulad ng sa panahong iyon, sapagkat lampas na tayo sa unang yugto ng paghubog na pantao at panrelihiyon – ang Matandang Tipan. Sa mga sulat ni Pablo, hinaharap niya ang mga gustong manangan sa mga kaugalian at kapistahang Judio (Col 2:16), pati ang mga tumitingin muna sa mga batas na dapat tupdin bago sa anupaman sa Salita ng Diyos. Pero inaanyayahan tayo ni Jesus na huwag iwala ang anuman sa espiritu na nagbibigay-buhay sa Batas na ito (Mt 5:17-19).

**Mga hain: ang susunuging handog**

**1** • 1 Tinawag ni Yawe si Moises, at kina-
usap siya mula sa Toldang Tagpuan:
2 "Kausapin mo ang mga Israelita at sabihin sa
kanila: Sa paghahain ninuman sa inyo ng alay
na hayop kay Yawe, puwede itong galing sa
bakahan o sa kawan.
3 Kung sa bakahan galing ang iaalay na
susunuging handog, isang barakong walang ka-
pintasan ang ihahain niya, at iaalay niya iyon sa
may pintuan ng Toldang Tagpuan para maging
kalugud-lugod kay Yawe. 4 Ipapatong niya ang
kanyang kamay sa ulo ng susunuging handog
upang tanggapin ito ni Yawe para sa pagba-
bayad-sala. 5 Kakatayin ang batang toro sa
harap ni Yawe, at iaalay naman ng mga paring
anak ni Aaron ang dugo sa pagbubuhos sa
buong altar na nasa may pinto ng Toldang
Tagpuan. 6 Babalatan ang susunuging handog
at paghihiwa-hiwain. 7 Magsisindi naman ng
apoy ang mga paring anak ni Aaron sa altar at
lalagyan ng kahoy ang apoy. 8 At ipapatong nila
sa kahoy na nasa apoy sa altar ang mga piraso,
pati na ang ulo at ang taba. 9 Huhugasan muna
sa tubig ang mga laman-loob at mga pata, at
saka susunuging lahat ng pari sa altar. Ito ang
susunuging handog na kalugud-lugod kay Yawe
ang amoy.
10 Kung galing naman sa kawan ang iaalay na
susunuging handog, isang tupa o kambing,
isang barakong walang kapintasan ang ihahain
niya. 11 Kakatayin ito sa harap ni Yawe sa gawing
hilaga ng altar, at ibubuhos ng mga pari ang
dugo sa buong paligid ng altar. 12 Paghihiwa-
hiwain ito, at ilalagay ng pari ang mga ito pati
ang ulo at ang taba sa ibabaw ng kahoy sa apoy
sa altar. 13 Huhugasan muna sa tubig ang mga
laman-loob at mga pata, at saka iaalay ng pari
ang lahat at susunugin sa altar. Ito ang susunu-
ging handog na kalugud-lugod kay Yawe ang
amoy.
14 Kung galing naman sa mga ibon ang iaalay
na susunuging handog kay Yawe, isang batu-
bato o batang kalapati ang iaalay. 15 Dadalhin ito
ng pari sa altar, hihilahin ang ulo at susunugin sa
altar, at pipigain ang dugo sa tabi ng altar.
16 Aalisin niya ang butse at mga balahibo nito, at
ihahagis sa lugar ng abo sa bandang silangan ng
altar. 17 Bibiyakin ito sa may mga pakpak, ng di
tuluyang pinaghihiwalay, at saka susunugin ng
pari sa altar, sa ibabaw ng kahoy na nasa apoy.
Ito ang susunuging handog na kalugud-lugod
kay Yawe ang amoy.

**Ang handog na butil**

**2** 1 Kung may mag-aalay kay Yawe ng
handog na butil, magandang klaseng ha-
rina ang kanyang ihahandog. Bubuhusan niya
ito ng langis at lalagyan ng insenso. 2 Dadalhin
ito sa mga paring anak ni Aaron. Kukunin ng
pari ang isang dakot na harinang may langis at
lahat ng insenso, at susunugin sa altar bilang
alaala. Ito ang sinunog na handog na kalugud-
lugod kay Yawe ang amoy.
3 Para kay Aaron at sa kanyang mga anak
ang matitira sa handog na butil. Napakasagra-
dong bahagi ito ng mga handog kay Yawe na
pinadaan sa apoy.

---

• **1.1** "Sinabi ni Yawe kay Moises." Bawat batas ay nagsisimula sa ganitong pananalita na para bang si Moises ang nagpasulat sa lahat ng mga batas na ito na pagkatapos pa ng maraming dantaon saka lamang itinakda. Ngunit isa itong anyong pampanitikan na ginamit ng mga sumulat ng Levitico para sabihing taglay ng Batas ang diwa ng itinuro ng Diyos kay Moises sa Sinai kahit na sa mga sumunod na panahon lamang ito sinulat.

Isinasagawa ng mga Hebreo ang mga seremonya at kaugalian ng kanilang mga ninuno. Mga pastol sila kaya mga hayop nila ang kanilang inialay bilang handog. Pagkatapos, sa Kanaan, may matatagpuang iba pang mga pag-aalay at mga kaugalian ang mga Israelita sa piling ng mga paganong Kananeo. At gagayahin nila ang ilan sa mga ito. Subalit ang pagbubunyag na ibinigay kay Moises sa Sinai ang magbibigay sa kanila ng kriterya sa pagsusuri sa mga bago o lumang paraan ng pagsamba:

– Ang Diyos lamang ang Diyos, ang Di-nakikita na di nangangailangan ng anuman ngunit hinihinging paglingkuran siya ng mga tapat sa kanya.

– Si Yawe ang Diyos na Banal, ganap na kaiba sa lahat ng nilalang, at kailangan din namang manatiling "banal" ang Israel na nakatalaga sa Diyos: nakahiwalay siya sa iba pang mga bayan.

– Katarungan ang hinihingi ng Diyos; kaila-ngang masalamin sa panlabas na "kadalisayan" ang panloob na kabanalan.

Nang panahong isinusulat ang aklat na ito, iisang santuwaryo lamang meron ang bayang Judio, ang Templo ng Jerusalem. Doon nagpupunta ang galing sa lahat ng lugar para mag-alay ng kanilang mga handog. Ang Templong itinayo ni Haring Solomon (tingnan 1 Mga Hari 6) ay hindi naman napakalaki (mga 25 metro ang haba at 15 ang luwang) at mga pari lamang ang pumapasok. Sa mga kongkretong patyo sa paligid nagtitipon ang sambayanan. Nasa pinakapangunahing patyo ang isang malaking altar na yari sa matigas na mga bato, ang Altar ng *Mga Susunuging Handog* o ng *mga handog na hayop na sinunog na lahat*. May mga pagkakataong ibinubuhos ang bahagi ng dugo sa isa pang altar na mas maliit na nasa loob ng Templo.

May iba't ibang klase ng mga alay. Sa karamihan sa mga ito, isang bahagi ng alay na hayop ang tina-

4 Kung gusto mo namang mag-alay ng han-
dog na hinurno, pinong harina ito dapat na
ginawang tinapay na walang lebadura na minasa
sa langis o mga maninipis na galyetas na walang
lebadura na pinahiran ng langis.

5 Kung mag-aalay ka ng handog na inihanda
sa parilya, pinong harina ito dapat na minasa sa
langis at walang lebadura. 6 Pira-pirasuhin mo
ito at buhusan ng langis: isa itong handog.

7 Kung mag-aalay ka ng handog na inihanda
sa kawali, pinong harina ito dapat na may langis.

8 Dadalhin mo kay Yawe ang mga handog na
ito at tatanggapin ng pari para dalhin sa altar.
9 Magbubukod ng bahagi ng handog ang pari
bilang alaala at susunugin sa altar bilang handog
na pinadaan sa apoy, amoy na kalugud-lugod
kay Yawe. 10 Para kay Aaron naman at sa kan-
yang mga anak ang natitira sa handog. Napaka-
sagradong bahagi ito ng handog kay Yawe na
pinadaan sa apoy.

11 Kailangang walang lebadura ang lahat ng
handog na dadalhin mo kay Yawe. Hindi ka
magsusunog sa altar ng anumang lebadura o
pulot-pukyutan para gumawa ng pag-aalay kay
Yawe. 12 Maiaalay mo kay Yawe ang mga ito
bilang mga unang bunga, pero hindi maihahan-
dog sa altar bilang amoy na kalugud-lugod.

13 Titimplahan mo ng asin ang lahat ng han-
dog na iaalay. Hindi dapat mawala sa iyong
handog ang asin ng pakikipagtipan sa iyong
Diyos. Mag-aalay ka ng asin sa lahat mong
handog.

14 Sa pag-aalay mo kay Yawe ng handog ng
mga unang bunga, mga sariwang butil na binusa
sa apoy at dinurog ang iaalay mo. 15 Lalagyan
mo ito ng langis at insenso sa ibabaw: handog na
butil ito. 16 Susunugin ng pari ang bahaging
pang-alaala ng dinurog na butil at langis, pati na
ang lahat ng insenso. Handog ito kay Yawe na
pinadaan sa apoy.

**Hain sa mabuting pagsasamahan**

3
1 Sa pag-aalay ninuman ng hain sa ma-
buting pagsasamahan, at galing sa baka-
han ang iniaalay niya, lalaki o babae, isang
hayop na walang kapintasan ang ihahandog
niya kay Yawe. 2 Ipapatong niya ang kanyang
kamay sa ulo ng kanyang handog at kakatayin
ito sa may pinto ng Toldang Tagpuan. Iwiwisik
naman ng mga paring anak ni Aaron ang dugo
sa paligid ng altar. 3 Kukuha siya mula sa haing
ito sa mabuting pagsasamahan ng handog na
pinadaan sa apoy kay Yawe: ang sebong na-
kabalot sa mga laman-loob at lahat ng nasa
ibabaw ng mga ito, 4 ang dalawang bato at ang
sebong nakakabit dito at sa mga lomo. At isa-
sama niya sa mga bato ang balot ng atay na
tatanggalin niya.

5 Susunugin ito ng mga anak ni Aaron sa altar
sa ibabaw ng susunuging handog na nasa kahoy
na may apoy, bilang handog na pinadaan sa
apoy, amoy na kalugud-lugod kay Yawe.

6 Kung galing naman sa kawan ang iniaalay
niyang hain ng mabuting pagsasamahan kay
Yawe, hayop na walang kapintasan ang kan-
yang iaalay, lalaki man o babae.

7 Kung may mag-aalay ng batang tupa, da-
dalhin niya ito sa harap ni Yawe. 8 Ipapatong niya
ang kanyang kamay sa ulo ng kanyang handog
at kakatayin ito sa harapan ng Toldang Tag-
puan. At iwiwisik naman ng mga anak ni Aaron
ang dugo nito sa paligid ng altar. 9 Mula sa haing
ito ng mabuting pagsasamahan, magdadala
siya ng handog kay Yawe na pinadaan sa apoy:
ang taba, ang buong buntot na aalisin hanggang
buto sa likod, ang lahat ng tabang nakabalot sa
laman-loob, o nakakabit sa mga ito, 10 at ang
dalawang bato at ang tabang nakakabit dito at
sa mga lomo, at ang balot ng atay na tatanggalin
niya kasama ng mga bato. 11 Susunugin ng pari
ang mga ito sa altar, bilang pagkain, isang
handog na pinadaan sa apoy kay Yawe.

---

tanggap ng mga pari bilang pinakasuweldo. Kakainin naman ng mga nag-alay ang iba pang bahagi sa isang salu-salo ng mabuting pagsasamahan. Ngunit walang anumang kinakain sa susunuging handog kundi iniaalay na lahat sa Diyos tanda ng ganap na pagpapailalim sa kanya.

Tulad ng iba pang mga bayan noong unang panahon, itinuring ng mga Israelita na nasa dugo ang buhay ng bawat maybuhay (tingnan Gen 9:5). Kayat sa Diyos ang dugo at walang makakakain o makakainom nito. Kinakatawan ng buhay at dugo ng inialay na hayop ang nag-aalay: naalis na ang lahat sa kanya na di-kalugud-lugod sa Diyos at maghahatid ng kanyang kamatayan (Lev 17:11). Hindi walang dahilan ang kagustuhan ni Jesus na mamatay sa pagbuhos ng kanyang dugo para ipahayag na ibinigay niya ang kanyang buhay para linisin ang kanyang bayan sa kanilang kasalanan. Mula sa mga paghahandog ng mga Judio, nakukuha ng Sulat sa Mga Hebreo ang sumusunod na aral na natupad sa pasyon ni Jesus: "walang pagbabayad-sala na walang pagbubuhos ng dugo" (Hebreo 9:22).

Kailangang pagtuunang-pansin ang malimit na paggamit ng pananalitang "walang kapintasan". Pagsasabihan ng mga propeta ang sambayanan sa di nila pagtupad sa utos na ito (Mal 1:8-13). Kung anu-ano na lamang ang ibinibigay natin sa Diyos, kung ano ang sumobra sa atin, at hindi ang pinakamainam na meron tayo.

12 Kung may mag-aalay naman ng kambing,
dadalhin ito sa harap ni Yawe. 13 Ipapatong niya
ang kanyang kamay sa ulo nito at kakatayin sa
harap ng Toldang Tagpuan. At iwiwisik ng mga
anak ni Aaron ang dugo nito sa paligid ng altar.
14 Gagawa siya mula sa haing ito ng handog na
pinadaan sa apoy kay Yawe: ang lahat ng ta-
bang nakabalot sa mga laman-loob, o naka-
kabit sa mga ito, 15 at ang dalawang bato at ang
tabang nakakabit dito at sa mga lomo, at ang
balot ng atay na tatanggalin niya kasama ng
mga bato. 16 Susunugin ng pari ang mga ito sa
altar bilang pagkain, isang handog na pinadaan
sa apoy na kalugud-lugod ang amoy.

17 Kay Yawe ang lahat ng taba. Isa itong
kautusang panghabampanahon sa mga sali't
salinlahi saan man kayo manirahan. Hindi kayo
kakain ng taba o dugo."

**Hain para sa kasalanan**

**4** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Sabihin mo
sa mga Israelita: Tungkol ito sa nagkasala
nang di sinasadya at nakagawa ng ipinagba-
bawal sa mga utos ni Yawe. 3 Kung paring pina-
hiran ang nagkasala, at sa gayo'y nabahiran din
ang bayan, mag-aalay siya kay Yawe ng isang
batang torong walang kapintasan bilang hain
para sa kasalanang ginawa niya.

4 Dadalhin niya ang toro sa may pinto ng
Toldang Tagpuan sa harap ni Yawe. Ipapatong
niya ang kanyang kamay sa ulo nito at kaka-
tayin sa harap ni Yawe. 5 Kukuha ng dugo ng toro
ang paring pinahiran, at ipapasok ito sa Toldang
Tagpuan. 6 Isasawsaw niya ang kanyang daliri
sa dugo at pitong beses itong iwiwisik sa harap
ni Yawe, sa tapat ng kurtina ng Santuwaryo. 7 At
lalagyan naman ng pari ng kaunting dugo ang
mga sungay ng altar ng mabangong insenso na
nasa harap ni Yawe sa Toldang Tagpuan. Ibubu-
hos niya ang matitirang dugo ng toro sa paanan
ng altar ng mga susunuging handog na nasa
may pinto sa Toldang Tagpuan.

8 Aalisin niya ang lahat ng taba ng torong
inihandog para sa kasalanan: ang tabang naka-
balot sa mga laman-loob o nakakabit sa mga ito,
9 at ang dalawang bato at lahat ng tabang nasa
mga ito at sa mga lomo, at ang balot ng atay, na
tatanggalin niya kasama ng mga bato, 10 gaya
ng pagtatanggal ng taba ng bakang inialay
bilang hain sa mabuting pagsasamahan. At
susunugin ng pari ang mga ito sa altar ng
sinunog na handog.

11 Ngunit ang balat ng toro at lahat ng laman
nito, pati na ang ulo, mga pata, mga bituka at
dumi 12 – ang lahat ng natira sa toro ay ilalabas
ng kampo sa isang lugar na malinis kung saan
itinatapon ang abo at doon ito susunugin sa
isang bunton ng kahoy na nasa abuhan.

13 Kung ang buong pamayanan naman ng
Israel ang magkasala nang di sinasadya at ma-
kagawa ng anumang ipinagbabawal sa mga
utos ni Yawe, kahit na di ito namamalayan ng
pamayanan, may kasalanan pa rin sila. 14 Sa
oras na malaman nila ang nagawa nilang
pagkakasala, mag-aalay sila ng isang batang
toro bilang hain para sa kasalanan na dadalhin
nila sa harap ng Toldang Tagpuan.

15 Ipapatong ng Matatanda ng bayan ang
kanilang mga kamay sa ulo ng toro sa harap ni
Yawe. At kakatayin ang toro sa harap ni Yawe.
16 Magdadala naman ng kaunting dugo niyon sa
loob ng Toldang Tagpuan ang paring pinahiran.
17 Isasawsaw niya ang kanyang daliri sa dugo at
pitong beses na iwiwisik sa tapat ng kurtina sa
harap ni Yawe. 18 Lalagyan din niya ng dugo ang
mga sungay ng altar ng mabangong insenso na
nasa harap ni Yawe sa Toldang Tagpuan. Ibubu-
hos naman niya ang matitirang dugo sa paanan
ng altar ng mga susunuging handog na nasa
may pinto ng Toldang Tagpuan.

19 Tatanggalin niya ang lahat ng taba niyon at
susunugin sa altar. 20 At gagawin niya sa torong
ito ang ginawa niya sa toro ng hain para sa
kasalanan. Sa ganito makapagbabayad-sala
ang pari para sa kanila, at sila'y patatawarin.

---

• **4.1** Narito naman ngayon ang mga alay *para sa kasalanan*. Hindi ito tungkol sa tunay na kasalanan, na kasalanang nasa kalooban (Mt 5:22) na *nagmumula sa tao* (Mt 7:20) kundi sa mga pagkakamali laban sa mga batas ng pagsamba. Mababasa pa nga natin sa mga bersikulo 22 at 27: *kung may magkasala nang di sinasadya*. Ibang klase ito ng pagkakamali o pagiging di-maingat (5:1-13).

Subalit ibang mga pagkakamali naman ang inilalahad sa 5:20-26 na nangangailangan ng pag-aalay bilang pagbabayad-sala at mga tunay na kasalanan ang mga ito.

Ayon kay San Pablo (Rom 7:7; 4:15), ang layunin ng batas ay ilantad sa liwanag ang kasalanan, pinalilitaw ng mga utos kung ano ang kasalanan. Totoo ngang bihirang ituro ng matatandang teksto ang tunay na kasalanan: pagwawalang-bahala sa Diyos, o pagrerebelde sa kanyang itinatatag na kaayusan, o mga kamalian o kamangmangan. May katagalan ang paghihintay sa kaliwanagan, pero ipinagugunita sa atin ng pagkatakot na ito sa kasalanan na gumagawa sa atin ang puwersang ito ng kasamaan kahit na hindi natin ito namamalayan. Sa araw na madiskubre natin kung ano ang pag-ibig ng Diyos at kung paano niya tayo laging hinihintay, mababatid natin na tayo pala'y talagang makasalanan.

21 Ilalabas nila ng kampo ang toro at susunugin
gaya ng unang toro. Ito ang hain para sa
kasalanan ng pamayanan.

22 Kung isang pinuno naman ang magkasala
nang di sinasadya at makagawa ng ipinagba-
bawal ng mga utos ni Yaweng kanyang Diyos,
may kasalanan siya. 23 Kapag naituro sa kanya
ang kasalanang nagawa niya, mag-aalay siya
ng isang barakong kambing na walang kapin-
tasan. 24 Ipapatong niya ang kanyang kamay sa
ulo ng kambing, at kakatayin sa harap ni Yawe
sa lugar na katayan ng mga susunuging handog.
Hain ito para sa kasalanan. 25 At kukuha ng dugo
ng hain para sa kasalanan ang pari sa kanyang
daliri at lalagyan ang mga sungay ng altar ng
mga sinunog na handog. Ibubuhos naman niya
ang matitirang dugo sa paanan ng altar.

26 Susunugin niya ang lahat ng taba sa altar
gaya ng taba ng hain sa mabuting pagsasama-
han. Sa ganito makapagbabayad-sala ang pari
para sa kasalanan ng tao, at patatawarin iyon.

27 Kung may miyembro naman ng pamaya-
nan na magkasala nang di sinasadya at maka-
gawa ng ipinagbabawal ng mga utos ni Yawe,
may kasalanan siya. 28 Kapag naituro sa kanya
ang kasalanang kanyang nagawa, mag-aalay
siya ng isang babaeng kambing na walang ka-
pintasan bilang hain para sa kasalanan. 29 Ipa-
patong niya ang kanyang kamay sa ulo ng hain
para sa kasalanan, kakatayin ito sa lugar ng
mga susunuging handog. 30 Kukuha ng dugo
nito ang pari sa kanyang daliri at ilalagay sa mga
sungay ng altar ng mga sinunog na handog.
Ibubuhos naman niya ang natitirang dugo sa
paanan ng altar. 31 Tatanggalin niya ang lahat ng
taba, gaya ng pag-aalis ng taba sa hain para sa
mabuting pagsasamahan, at susunugin ito ng
pari sa altar bilang amoy na kalugud-lugod kay
Yawe. Sa ganito makapagbabayad-sala ang
pari para sa kanya, at siya'y patatawarin.

32 Kung batang tupa naman ang kanyang
iaalay bilang hain para sa kasalanan, babaeng
tupang walang kapintasan ang dadalhin niya.
33 Ipapatong niya ang kanyang kamay sa ulo
nito, kakatayin bilang hain para sa kasalanan sa
lugar na katayan ng mga susunuging handog.
34 Kukuha sa dugo nito ang pari sa kanyang daliri
at ilalagay sa mga sungay ng altar ng mga
sinunog na handog. Ibubuhos naman ng pari sa
paanan ng altar ang matitirang dugo. 35 Ta-
tanggalin niya ang lahat ng taba, gaya ng pag-
aalis niya ng taba sa batang tupang hain sa
mabuting pagsasamahan. Susunugin ito ng pari
sa altar sa ibabaw ng iba pang mga handog na
pinadaan sa apoy kay Yawe. Sa ganito ma-
kapagbabayad-sala ang pari para sa kasalanan
ng tao, at siya'y patatawarin.

**Mga paghahandog para sa iba't ibang kasalanan**

5 1 Kung may taong puwedeng tumestigo
hinggil sa anumang krimeng nasaksihan
niya o nalaman, ngunit ayaw namang magsalita
laban sa may kasalanan, sa kabila ng pag-
karinig sa mga salita ng sumpa, pananagutan
niya ang kasalanan nito.

2 Kung may makahipo ng anumang di-mali-
nis – maging bangkay man ng di-malinis na
mabangis na hayop o ng di-malinis na alagang
hayop o ng di-malinis na gumagapang na ha-
yop, kahit na di niya ito namamalayan, naging
di-malinis din siya at maysala. 3 Kung makahipo
siya ng anumang dumi ng tao – anumang mag-
papaging di-malinis sa kanya, kahit na di niya
ito namamalayan, may kasalanan siya sa san-
daling malaman niya ito.

4 Kung may padalus-dalos na manumpa o
makapagbitiw ng isang panatang wala namang
saysay, mabuti man o masama – kahit na di niya
ito namamalayan, may kasalanan siya sa
sandaling malaman niya ito.

5 Kailangang aminin muna ng nagkasala sa
alinman sa mga ito ang kanyang kasalanan, 6 at
bilang multa sa kasalanang kanyang nagawa,
magdadala siya kay Yawe ng isang dumalagang
tupa o kambing na galing sa kawan. At
magbabayad-sala ang pari para sa kanya at sa
kanyang kasalanan.

7 Kung hindi naman niya kaya ang isang
batang tupa, dalawang batubato o dalawang
batang kalapati ang dadalhin niya kay Yawe
bilang multa sa kanyang kasalanan, ang isa
bilang hain para sa kasalanan at ang isa pa
bilang susunuging handog. 8 Dadalhin niya ang
mga ito sa pari at una niyang iaalay ang hain
para sa kasalanan. Pipilipitin niya ang ulo nito
hanggang sa mga pakpak, ngunit nakakabit pa
rin sa leeg at di lubos na puputulin. 9 At wiwisikan
niya ng dugo nito ang dingding ng altar, at
patutuluin niya ang natitira pang dugo sa
paanan ng altar. Hain ito para sa kasalanan. 10 At
saka susunugin ang isa pang ibon bilang
sinunog na handog gaya ng dating ginagawa.
Ganito makapagbabayad-sala ang pari para sa
kasalanang ginawa ng tao, at siya'y pata-
tawarin.

11 Kung mayroon namang di kaya ang dala-
wang batubato o dalawang batang kalapati,
ikapung efa ng pinong harina ang iaalay niya
bilang hain para sa kasalanan. Hindi niya ito
lalagyan ng langis o insenso, dahil hain ito para

sa kasalanan. 12 Dadalhin niya ito sa pari, na
kukuha ng isang dakot nito bilang pang-alaala,
at susunugin sa altar, sa ibabaw ng mga handog
na pinadaan sa apoy kay Yawe. Hain ito para sa
kasalanan. 13 Ganito makapagbabayad-sala
ang pari para sa tao para sa alinmang kasa-
lanang nagawa niya, at siya'y patatawarin. Para
naman sa pari ang matitira sa handog, gaya ng
sa mga handog na butil."

14 Sinabi ni Yawe kay Moises: 15 "Kung may
mandaya kay Yawe nang di-sinasadya, sa di
pagbibigay sa lahat ng dapat ibukod para kay
Yawe, at sa gayo'y magkasala, dadalhin niya
kay Yawe ang hain para sa utang, isang bara-
kong tupang walang kapintasan mula sa kawan,
na pepresyuhan mo ayon sa halaga ng shekel ng
pilak, sa timbangan ng Santuwaryo. 16 Pagba-
bayaran din ng taong ito ang kinanya niya, at
ibibigay ito sa pari, na dadagdagan pa niya ng
ikalimang bahagi. At magbabayad-sala ang pari
para sa kanya sa pag-aalay ng barakong tupa
bilang hain para sa utang, at siya'y patatawarin.

17 Kung may tao namang magkasala at ma-
kagawa ng ipinagbabawal sa mga utos ni Yawe,
kahit na di niya ito namamalayan, may kasal-
anan siya at kailangang managot. 18 Magdadala
siya sa pari ng hain para sa utang: isang ba-
rakong tupang walang kapintasan na galing sa
kawan, at may tamang halaga. Ganito maka-
pagbabayad-sala ang pari para sa kanya para
sa salang nagawa niya nang di-sinasadya, at
siya'y patatawarin. 19 Hain ito para sa utang;
may utang nga siya sa paningin ni Yawe."

### Mga handog para sa mga sinadyang kasalanan

20 Sinabi ni Yawe kay Moises: 21 "Kung may
magkasala at magtaksil kay Yawe sa pandaraya
sa kanyang kapwa tungkol sa anumang ipi-
nagkatiwala o inihabilin sa kanya, o inagaw, o
sinamantala, o ipinagsinungaling, 22 o ma-
numpa nang di totoo tungkol sa bagay na na-
wala para ipaglihim ito, o gumawa ng anuman
na madalas ipinagkakasala ng mga tao, 23 dahil
nagkasala siya at may pananagutan, kaila-
ngang isauli niya ang kanyang ninakaw o ina-
gaw o inangkin sa inihabilin sa kanya o sa
nawalang bagay na nakita niya, 24 o anumang
sinumpaan niya nang di totoo. Babayaran niya
iyon nang buung-buo at dadagdagan pa niya ng
ikalimang bahagi, at isasauling lahat sa may-ari
sa araw na ialay niya ang kanyang hain para sa
utang.

25 Dadalhin niya kay Yawe ang kanyang hain
para sa utang: isang barakong tupang walang
kapintasan mula sa kawan at kasinghalaga ng
pagkakautang. At ibibigay niya ito sa pari, 26 na
siyang magbabayad-sala para sa kanya sa ha-
rap ni Yawe, at patatawarin siya sa anumang
pagkakasalang nagawa niya."

### Mga batas tungkol sa mga handog

6 • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Ipag-
utos mo ito kay Aaron at sa kanyang mga
anak: Ito ang seremonya para sa mga susunu-
ging handog. Magdamag na mananatili sa altar
ang sinunog na handog; at tutupukin ito ng apoy
sa altar hanggang umaga.

3 Isusuot ng pari ang kanyang damit na linen
pati ang kanyang karsonsilyong linen, at aalisin
niya ang abo ng sinunog na handog na tinupok
ng apoy sa altar, at ilalagay sa tabi ng altar. 4 At
saka niya huhubarin ang mga isinuot niya, at
magbibihis ng iba at dadalhin ang abo sa labas
ng kampo at itatapon sa isang malinis na lugar.

5 Laging papagningasin ang apoy sa altar, at
di dapat mamatay. Gagatungan ito ng pari tu-
wing umaga at ilalagay ang susunuging handog
at ang taba ng mga hain sa mabuting pagsa-
samahan. 6 Ito ang apoy na laging magniningas
at hindi dapat mamatay sa altar.

7 Ito naman ang seremonya sa mga handog
na butil. Iaalay ito ng mga anak ni Aaron sa
harap ni Yawe sa harap ng altar. 8 Mula sa
handog ay kukuha ang pari ng isang dakot na
harinang may langis at lahat ng insensong nasa
ibabaw nito. At susunugin niya ito sa altar bilang
pag-alaala sa isang amoy na kalugud-lugod kay
Yawe. 9 Kakanin ni Aaron at ng kanyang mga
anak ang matitira; ngunit kakanin iyon nang
walang lebadura sa isang banal na lugar: sa
patyo ng Toldang Tagpuan. 10 Hindi ito lulutuin
nang may lebadura; ito ang bahaging ibinibigay
ko sa kanila mula sa mga pinadaan sa apoy na
handog sa akin. Napakasagrado nito, tulad ng
hain para sa kasalanan at hain para sa utang.
11 Ang mga lalaking inapo ni Aaron ang sila
lamang makakakain nito. Panghabampana-

---

• **6.**1 *Mapapansin ang ilang detalye sa napaka-raming panuntunan tungkol sa pagluluto:*

6:5. Hindi kailanman dapat patayin ang apoy. Isang korderong susunuging handog ang iniaalay araw-araw sa umaga at sa hapon.

6:20. Sa Diyos na ang inialay sa kanya, at para itong ganap na tinatagos at napupuno ng Kabanalan ng Diyos.

6:22-23. Para maging mabisa ang pag-aalay, kailangang kainin ang karneng dahilan kung kayat nagiging banal ang alay. Sa ganito nama'y nagagarantiya ang kabuhayan ng pari.

hong karapatan na mapasakanila ang bahaging
ito ng mga handog na pinadaan sa apoy para
kay Yawe. Magiging banal din ang anumang
mapadikit sa mga banal na bagay na iyon."

12 Sinabi ni Yawe kay Moises: 13 "Ito ang han-
dog na iaalay ni Aaron at ng kanyang mga anak
kay Yawe sa araw na siya'y pahiran: ikapung efa
ng pinong harina bilang karaniwang handog na
butil, kalahati nito sa umaga at kalahati sa
hapon. 14 Iprito ito sa langis sa isang kawali, at
ialay na pira-piraso habang mainit pa bilang
amoy na kalugud-lugod kay Yawe. 15 Ganito rin
ang gagawin ng anak na hahalili sa kanya bilang
paring pinahiran. Panghabampanahong sere-
monya ito para kay Yawe: susunuging lahat sa
altar ang handog na ito 16 kayat dapat lubos na
matupok ang lahat ng handog ng mga pari, at
walang kakanin sa mga ito."

17 Sinabi ni Yawe kay Moises: 18 "Sasabihin
mo kay Aaron at sa kanyang mga anak: Ito ang
batas para sa mga hain para sa kasalanan.
Kakatayin ito sa harap ni Yawe, sa mismong
lugar na katayan ng susunuging handog. Na-
pakasagradong bagay ito. 19 Kakainin ito sa
banal na lugar, sa may pinto ng Toldang Tag-
puan, ng paring nag-aalay ng handog. 20 Magi-
ging banal ang anumang madikit sa mga
karneng inihandog. Kung may damit na mati-
lamsikan ng dugo, lalabhan ito sa banal na
lugar. 21 Dapat basagin ang palayok na pinaglu-
tuan ng karne, at kung tansong kaldero naman
ang pinaglutuan nito, kakaskasin ito at huhu-
gasan sa tubig. 22 Makakakain nito ang lahat ng
lalaki sa angkan ng mga pari. Napakasagrado
nito. 23 Ngunit di dapat kainin ang anumang hain
para sa kasalanan na ang dugo ay ipinasok sa
Toldang Tagpuan para magbayad-sala sa San-
tuwaryo. Kailangan itong sunugin sa apoy.

**Ang handog sa pagbabayad-sala**

7 1 Ito ang batas para sa paghahandog
ng hain para sa utang. Napakasagrado
nito. 2 Kakatayin ang hain para sa utang sa
mismong lugar na katayan ng susunuging
handog. Ibubuhos ang dugo nito sa paligid ng
altar. 3 Iaalay naman ang lahat ng taba nito: ang
buntot, ang tabang nakabalot sa mga laman-
loob, 4 ang dalawang bato at ang sebong naka-
kabit dito at sa mga lomo, at ang balot ng atay
na tatanggaling kasama ng mga bato.

5 Susunugin ng pari ang lahat ng ito sa altar
bilang handog na pinadaan sa apoy para kay
Yawe. Ito ang hain para sa utang. 6 Makakakain
nito ang lahat ng lalaki sa angkan ng mga pari.
Kakainin ito sa isang banal na lugar dahil
napakasagrado nito.

7 Kung paano iniaalay ang hain para sa
kasalanan, gayon din ihahain ang hain para sa
utang: iisa lamang ang seremonya. Para sa pari
ito na siyang nagbabayad-sala sa pamamagitan
nito. 8 At kung nag-aalay ang pari sa susunuging
handog, para rin sa kanya ang balat nito.

9 Para sa paring nag-aalay ang lahat ng
handog na harina na hinurno o niluto sa kawali,
10 at hahatiin naman nang pantay-pantay para sa
lahat ng anak ni Aaron ang lahat ng handog, tuyo
man o minasa sa langis.

**Ang hain sa mabuting pagsasamahan**

11 Ito ang seremonya para sa hain sa ma-
buting pagsasamahan na iniaalay kay Yawe.
12 Kung may mag-aalay nito bilang pasasala-
mat, sasamahan ito ng mga tinapay na walang
lebadura na minasa sa langis, biskwit na walang
lebadura at pinahiran ng langis, at mga keyk ng
pinong harina na minasa nang mabuti sa langis.

13 Bukod sa hayop na kinatay bilang pasa-
salamat na hain sa mabuting pagsasamahan,
mag-aalay rin siya ng mga tinapay na may
lebadura. 14 Iaalay ang isa sa mga ito kay Yawe
bilang kontribusyon at para ito sa paring mag-
bubuhos ng dugo ng hain sa mabuting pagsa-
samahan. 15 Kakainin sa araw ring iyon ng pag-
aalay ang karne ng hain sa mabuting pagsasa-
mahan, walang ititira rito hanggang kinauma-
gahan.

16 Kung bilang pagtupad ng panata ang
handog, o kaya'y kusang-loob na pag-aalay,
kakanin ito sa mismong araw ng pag-aalay, at
makakain naman kinabukasan ang matitira rito.
17 Ngunit susunugin sa apoy ang anumang
matira sa ikatlong araw. 18 Kung may kumain ng
karne ng hain sa mabuting pagsasamahan sa
ikatlong araw, mababale-wala ang kanyang
paghahandog, ni walang mapapakinabangan
ang nag-aalay. Ito'y magiging bagay na di-
malinis at mananagot ang kakain nito.

19 Kung mapadikit naman ang karneng ito sa
bagay na di-malinis, hindi na iyon makakain
kundi susunugin sa apoy. Makakakain ng kar-
neng ito ang sinumang malinis. 20 Ngunit kung
may di-malinis na kumain ng karne ng hain sa
mabuting pagsasamahan na naialay na kay
Yawe, hindi na mabubuhay pa ang taong iyon sa
kanyang bayan. 21 At kung may makahipo
naman ng bagay na di-malinis, dumi man ng tao
o hayop o anumang di-malinis na kasuklam-
suklam na bagay, at kumain pa rin ng karne ng
hain sa mabuting pagsasamahan na inialay kay

Yawe, hindi na mabubuhay ang taong iyon sa
kanyang bayan."
22 Sinabi ni Yawe kay Moises: 23 "Sabihin mo
sa mga Israelita: Huwag kayong kakain ng taba
ng baka o tupa o kambing. 24 Magagamit para sa
anuman ang taba ng hayop na namatay o nilapa
ng mabangis na hayop pero huwag n'yong ka-
kanin ito. 25 Hindi na mabubuhay sa kanyang
bayan ang sinumang kumain ng taba ng hayop
na karaniwang iniaalay na handog na pinadaan
sa apoy para kay Yawe.
26 At saan man kayo manirahan, huwag din
kayong kakain ng anumang dugo, ng ibon man
o ng hayop. 27 Hindi na mabubuhay sa kanyang
bayan ang sinumang kumain ng dugo."
28 Sinabi ni Yawe kay Moises: 29 "Sabihin mo
sa mga Israelita: Personal na dadalhin ng mag-
aalay ng hain sa mabuting pagsasamahan kay
Yawe ang bahaging iaalay niya. 30 Dadalhin niya
ang handog na pinadaan sa apoy para kay Yawe
– ang taba at ang dibdib – at ihahandog na
paindayog sa harap ni Yawe. 31 Susunugin ng
pari ang taba sa altar, pero para kay Aaron at sa
kanyang mga anak ang dibdib. 32 Ibibigay n'yo
naman sa pari ang kanang hita bilang kaparte
niya sa inyong hain sa mabuting pagsasa-
mahan. 33 Para ito sa anak ni Aaron na nag-aalay
ng dugo at taba ng hain sa mabuting pagsa-
samahan.
34 Kinuha ko sa hain sa mabuting pagsasa-
mahan ng mga Israelita ang dibdib na iniindayog
at ang hitang ibinukod, para ibigay ang mga ito
sa paring si Aaron at sa kanyang mga anak.
Ibibigay ito sa kanila ng mga anak ng Israel
bilang panghabampanahong kautusan."
35 Ito ang bahagi ni Aaron at ng kanyang mga
anak sa mga handog na pinadaan sa apoy para
kay Yawe mula sa araw na iharap sila para
maglingkod bilang pari ni Yawe. 36 Sa araw na
pahiran sila, ito ang iniutos ni Yawe na ibigay sa
kanila ng mga Israelita. Isa itong kautusang
panghabampanahon sa mga sali't salinlahi.
37 Ito ang seremonya sa susunuging handog,
handog na butil, hain para sa kasalanan, hain
para sa utang, at hain sa mabuting pagsasa-
mahan. 38 Ito ang iniutos ni Yawe kay Moises sa
bundok ng Sinai nang utusan nito ang mga
Israelita sa ilang ng Sinai na magdala ng kani-
lang handog kay Yawe.

**Ang pagtatalaga sa mga pari**

**8** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Isama
mo si Aaron at ang kanyang mga anak, pati
ang mga damit, ang langis na pamahid, ang
torong hain para sa kasalanan, ang dalawang
tupang lalaki, at ang basket ng mga tinapay na
walang lebadura. 3 At ipunin mo ang buong
sambayanan sa may pintuan ng Toldang Tag-
puan."
4 Ginawa nga ni Moises ang iniutos ni Yawe, at
nagkatipon ang sambayanan sa may pintuan ng
Toldang Tagpuan. 5 Sinabi ni Moises sa samba-
yanan: "Ito ang ipinagagawa sa inyo ni Yawe."
6 Pinalapit ni Moises si Aaron at ang mga anak
nito at hinugasan sila ng tubig.
7 Binihisan niya ng tunika si Aaron, at itinali
ito ng sinturon. At saka ito sinuutan ng balabal at
ipinatong dito ang isa pang tunika na tinatawag
na efod na itinali naman ng sinturon ng efod. 8 At
isinuot sa kanya ang eskapularyong tinatawag
na pektoral na kinalalagyan ng Urim at Tum-
mim. 9 Saka niya isinuot sa ulo nito ang turban,
at inilagay ang manipis na ginto sa harap nito: ito
ang banal na koronang iniutos ni Yawe kay
Moises.
10 Kinuha ni Moises ang langis na pamahid, at
pinahiran ang Tirahan ni Yawe, at itinalaga ito at
lahat ng naroroon. 11 Pitong beses niyang winisi-
kan ng langis ang altar, at pinahiran ito at lahat
ng kagamitan, at ang planggana at patungan
nito para italaga ang mga ito. 12 At binuhusan
niya ng langis ang ulo ni Aaron at pinahiran para
italaga.
13 Pinalapit ni Moises ang mga anak ni Aaron,
binihisan sila ng mga tunika at tinalian ng sin-
turon, at isinuot ang saklob sa kanilang mga ulo,
gaya ng iniutos sa kanya ni Yawe.

---

• **8.**1 Sa detalyadong paglalarawan sa pagtatalaga kay Aaron ng kanyang kapatid na si Moises, itinuturo sa atin ng Levitico kung paano isasagawa ang pagtatalaga sa Punong-pari.

Ipinapahayag ng mga damit, palamuti, paglilinis ang sagradong katangian ng taong "kinuha mula sa mga tao upang kumatawan para sa kanila sa harap ng Diyos at mag-alay ng mga handog para sa kanila" (Hebreo 5:1).

Hindi bumagsak mula sa langit ang mga seremonyang ito kundi ang mga ito ang pinakasalamin ng mentalidad pag dating sa relihiyon nang mga panahong iyon. Para sa mga tao noon, may dalawang klase ng tao at mga bagay sa mundo: ang sa Diyos o mga sagrado, at ang hindi sa kanya o karaniwan. Malinis ang ilan, ang iba nama'y di-malinis; "banal" ang ilan, ang iba nama'y "nagdadala ng kasalanan", na ang ibig lamang sabihi'y hindi puwedeng magamit sa pagsamba.

Isinasaalang-alang ng Diyos ang sinaunang mentalidad na ito ng mga tao noong panahong iyon upang unti-unti silang maturuan. Sa paglipas ng panahon, madidiskubre nila na hindi pala mantsang panlabas o kung anong depekto ang kasalanan kundi isang

14 Pagkatapos ay ipinadala niya ang torong
hain para sa kasalanan. At ipinatong naman ni
Aaron at ng kanyang mga anak ang kanilang
mga kamay sa ulo nito. 15 Kinatay ito ni Moises.
Isinawsaw niya ang kanyang mga daliri sa dugo
at pinahiran nito ang mga sungay ng altar para
linisin ang altar. At saka niya ibinuhos ang dugo
sa paanan ng altar, sa ganito niya itinalaga iyon
sa pagsasagawa ng seremonya ng pagbabayad-sala.

16 Kinuha ni Moises ang lahat ng tabang
nakabalot sa mga laman-loob, at ang balot ng
atay, at ang dalawang bato at ang taba nito, at
sinunog ang mga ito sa altar. 17 Ngunit sa labas
naman ng kampo sinunog ang toro at ang balat
nito, ang karne at mga dumi, gaya ng iniutos sa
kanya ni Yawe.

18 At ipinadala niya ang barakong tupa bilang
susunuging handog, at ipinatong naman ni
Aaron at ng kanyang mga anak ang kanilang
mga kamay sa ulo nito. 19 Kinatay ito ni Moises,
at ibinuhos ang dugo sa lahat ng tabi ng altar.
20 Hiniwa-hiwa niya ang barakong tupa, sinunog
ang ulo, ang mga piraso, at ang taba. 21 Hinugasan niya ang mga laman-loob at ang mga
paa, at sinunog ang buong tupa sa altar. Ito ang
sinunog na handog na may amoy na kalugud-lugod para kay Yawe, gaya ng iniutos ni Yawe
kay Moises.

22 At saka niya ipinadala ang ikalawang
barakong tupa, ang tupang para sa pagtatalaga
at ipinatong ni Aaron at ng kanyang mga anak
ang kanilang mga kamay sa ulo nito. 23 Kinatay
ito ni Moises, kumuha siya ng kaunting dugo
nito, at pinahiran ang dulo ng kanang tainga ni
Aaron, ang hinlalaki ng kanyang kanang kamay
at ng kanang paa. 24 Pinalapit din ni Moises ang
mga anak ni Aaron, at nilagyan din ng dugo ang
dulo ng kanilang mga kanang tainga, ang mga
hinlalaki ng kanilang mga kanang kamay at
mga kanang paa. At ibinuhos niya ang natitirang
dugo sa paligid ng altar. 25 Kinuha niya ang taba,
ang buntot at lahat ng tabang nakabalot sa mga
laman-loob, ang balot ng atay at ang dalawang
bato at taba nito, at ang kanang hita.

26 At mula sa basket ng tinapay na walang
lebadura na nasa harap ni Yawe, kumuha siya
ng isang tinapay na minasa sa langis, at isang
biskwit. Inilagay niya ang mga ito sa ibabaw ng
mga taba at ng kanang hita. 27 At saka niya
inilagay ang mga ito sa mga kamay ni Aaron at
ng kanyang mga anak, at ipinaindayog upang
paindayog na ihandog kay Yawe. 28 At pagkatanggap dito ni Moises, sinunog niya ang mga ito
sa altar, sa ibabaw ng susunuging handog. Ito
ang handog sa pagtatalaga na may amoy na
kalugud-lugod, handog na pinadaan sa apoy
para kay Yawe. 29 At saka kinuha ni Moises ang
dibdib at paindayog na inihandog sa harap ni
Yawe. Ito ang parte ni Moises sa tupa ng pagtatalaga, gaya ng iniutos ni Yawe sa kanya.

30 Pagkakuha ni Moises sa langis na pamahid
at sa dugong nasa ibabaw ng altar, winisikan
niya si Aaron at ang mga suot nito, pati ang
kanyang mga anak at ang mga damit ng mga ito
upang italaga.

31 At sinabi ni Moises kay Aaron at sa mga
anak nito: "Iihaw ninyo ang karne sa may pintuan ng Toldang Tagpuan, at doon ninyo ito
kanin, pati na ang tinapay na galing sa basket ng
mga handog sa pagtatalaga, gaya ng iniutos ko
sa pagsasabing: Kakanin iyon ni Aaron at ng
kanyang mga anak. 32 Susunugin naman ang
matitirang karne at tinapay. 33 Huwag kayong
aalis sa may pintuan ng Toldang Tagpuan sa
loob ng pitong araw, hanggang sa makumpleto
ang mga araw ng inyong pagtatalaga; sapagkat
tatagal nang pitong araw ang inyong pagtatalaga. 34 Iniutos ni Yawe ang ginawa ngayong
araw na ito upang magbayad-sala para sa inyo.
35 Kaya pitong araw kayong mananatili sa may
pintuan ng Toldang Tagpuan araw-gabi at
gawin ang hinihingi ni Yawe upang di mamatay,
sapagkat ito ang iniutos sa akin." 36 Kaya ginawa
ni Aaron at ng kanyang mga anak ang lahat ng
iniutos ni Yawe kay Moises.

**Sinimulan ng mga pari ang kanilang paglilingkod**

**9** 1 Sa ikawalong araw, tinawag ni Moises
si Aaron at ang kanyang mga anak at ang
matatanda ng Israel. 2 Sinabi niya kay Aaron:
"Kumuha ka ng isang guyang toro bilang hain
mo para sa kasalanan at ng isang barakong
tupa bilang susunuging handog mo, na kapwa
walang kapintasan, at ialay ang mga ito kay
Yawe. 3 At sabihin mo sa mga Israelita: Kumuha
ng isang barakong kambing na hain para sa

---

pagkakasala ng tao. Ipahahayag, una ng mga propeta at pagkatapos ay ng Ebanghelyo, na *nagmumula sa tao* ang kasalanan.

Itinalaga ang mga pari sa pamamagitan ng *pagpapahid* ng langis. At itatalaga rin ang mga hari sa pamamagitan ng pagpapahid. Kayat magiging *mga pinahiran ng Diyos* ang mga pari at mga hari, na siyang kahulugan ng *Mesiyas* sa wikang Hebreo at ng *Kristo* sa wikang Griyego. Tinatawag na Kristo ng Diyos ang Punong-pari; siya ang larawan ni Jesus na pari ng Bagong Tipan na ipaliliwanag ng Sulat sa mga Hebreo (5-8).

kasalanan, ng isang guya at isang batang tupa
na tig-isang taon at kapwa walang kapintasan
bilang susunuging handog, 4 at ng isang baka at
isang barakong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan para katayin at ialay sa harap ni
Yawe, kasama ng handog na butil na minasa sa
langis sapagkat magpapakita si Yawe ngayon."
5 Kaya dinala nila sa harap ng Tolda ang
iniutos ni Moises. Lumapit ang buong samba-
yanan at tumayo sa harap ni Yawe. 6 Sinabi ni
Moises: "Ito ang ipinagagawa sa inyo ni Yawe
para magpakita sa inyo ang Luwalhati ni Yawe."
7 At sinabi naman ni Moises kay Aaron:
"Lumapit ka sa altar, at ialay ang hain mo para
sa kasalanan at ang iyong susunuging handog at
magbayad-sala para sa iyong sarili at sa iyong
angkan. Ialay mo rin ang handog ng bayan at
magbayad-sala para sa kanila, gaya ng iniutos
ni Yawe.
8 Kaya lumapit sa altar si Aaron, kinatay ang
guya bilang hain para sa kasalanan. 9 Dinala sa
kanya ng kanyang mga anak ang dugo, at
isinawsaw naman niya ang kanyang daliri sa
dugo at nilagyan nito ang mga sungay ng altar,
at saka niya ibinuhos ang natitirang dugo sa
paanan ng altar. 10 Sinunog niya sa ibabaw ng
altar ang taba, ang mga bato, at ang balot ng
atay na tinanggal niya sa hain para sa kasa-
lanan, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises; 11 at
sinunog naman ang karne at balat sa labas ng
kampo.
12 At kinatay niya ang susunuging handog.
Dinala sa kanya ng kanyang mga anak ang dugo
na ibinuhos naman niya sa paligid ng altar.
13 Iniabot nila sa kanya ang pira-pirasong bahagi
ng susunuging handog pati ang ulo, at sinunog
naman niya ang mga ito sa ibabaw ng altar.
14 Hinugasan niya ang mga laman-loob at ang
mga paa, at sinunog ang mga ito sa ibabaw ng
susunuging handog sa altar.
15 At inialay ni Aaron ang handog ng bayan.
Kinuha niya ang barakong kambing bilang hain
para sa kasalanan ng bayan. Kinatay niya ito
gaya ng una at nagbayad-sala. 16 Inialay niya
ang susunuging handog ayon sa takdang sere-
monya. 17 Iniharap din niya ang handog na butil
at kumuha ng isang dakot nito at sinunog sa
altar, bukod pa sa pang-umagang sinunog na
handog.
18 Kinatay niya ang baka at ang barakong
tupa bilang hain sa mabuting pagsasamahan
para sa bayan. Dinala sa kanya ng kanyang mga
anak ang dugo, at winisikan niya nito ang buong
paligid ng altar. 19 Ang mga taba naman ng baka
at ng barakong tupa – ang buntot, ang tabang
nakabalot sa mga laman-loob, ang dalawang
bato at ang tabang nasa mga ito, at ang balot ng
atay 20 – ipinatong nila ang mga ito sa mga dibdib
at sinunog sa altar. 21 Iniindayog ni Aaron ang
mga dibdib at kanang hita sa harap ni Yawe,
bilang handog na inindayog, ayon sa utos ni
Moises.
22 At iniunat ni Aaron ang kanyang mga
kamay sa bayan at binasbasan sila. At bumaba
siya matapos ialay ang hain para sa kasalanan,
ang susunuging handog at ang hain sa mabuting
pagsasamahan. 23 At saka pumasok sa Toldang
Tagpuan sina Moises at Aaron. At paglabas
nila'y binasbasan nila ang bayan.
Noon napakita sa buong bayan ang Luwal-
hati ni Yawe. 24 May apoy na lumabas sa harap
ni Yawe at tinupok ang susunuging handog at
ang mga taba sa altar. Nang makita iyon ng
buong bayan, sumigaw sila sa tuwa at nagpati-
rapa sa lupa.

**Ang istorya nina Nadab at Abihu**

**10** • 1 Kinuha nina Nadab at Aaron na mga
anak ni Aaron ang kanya-kanyang insen-
saryo, nilagyan ng apoy ang mga ito at naglagay
ng insenso, at inialay ito kay Yawe – ngunit hindi
iyon ang wastong apoy na iniutos niya. 2 Kaya
lumabas ang apoy mula sa harap ni Yawe at
tinupok sila hanggang mamatay sa harap ni
Yawe. 3 At sinabi ni Moises kay Aaron: "Iyan ang
ibig sabihin ni Yawe nang sabihin niya –
Ipakikita ko ang aking kabanalan sa pama-
magitan ng mga lumalapit sa akin at ipakikita ko
sa harap ng buong bayan ang aking luwalhati."
At hindi umimik si Aaron.
4 Tinawag ni Moises sina Misael at Elisafam
na mga anak ni Oziel na tiyuhin ni Aaron, at
sinabi: "Halikayo rito, kunin ang mga bangkay
ng inyong mga pinsan, at alisin sa santuwaryo,
at dalhin sa labas ng kampo." 5 Lumapit sila at
dinala sa labas ng kampo ang mga ito na naka-
damit pa rin, tulad ng iniutos ni Moises.
6 Sinabi ni Moises kay Aaron at sa kanyang
mga anak na sina Eleazar at Itamar: "Huwag
ninyong pababayaang hindi suklay ang inyong
buhok at huwag wawarakin ang inyong mga
damit para ipakitang nagluluksa kayo, kung
hindi'y mamamatay kayo at kakalat ang kapa-

• **10.**1 Ang istoryang nasa kabanatang ito (ang pagkamatay ng mga anak ni Aaron) ay mas buhay na paglalahad sa ilang batas tungkol sa mga tungkulin ng mga pari ng Israel.

rusahan sa buong pamayanan. Ipagluluksa ng
buong bayan ng Israel ang kamatayan ng
inyong mga kapatid na namatay sa apoy ni
Yawe. 7 Ngunit huwag kayong aalis sa pintuan
ng Toldang Tagpuan, kung hindi'y mamamatay
kayo, sapagkat nasa inyo ang langis ng pagta-
talaga ni Yawe." At sinunod nila si Moises.

8 Kinausap ni Yawe si Aaron, sinabi niya:
9 "Bago ka pumasok sa Toldang Tagpuan, ikaw
at ang iyong mga anak ay hindi iinom ng alak
o anumang matapang na inumin, kung hindi'y
mamamatay kayo. Ito'y isang kautusang pang-
habampanahon para sa lahat ng iyong inapo,
10 upang makilala ninyo kung alin ang para sa
Diyos at kung alin ang pangkaraniwang gamit,
kung alin ang di-malinis at kung alin ang ma-
linis. 11 Sapagkat dapat ninyong ituro sa mga
anak ng Israel ang lahat ng kautusang ibinigay
ni Yawe sa kanila sa pamamagitan ni Moises."

12 Sinabi ni Moises kay Aaron at sa dalawang
nalalabi niyang anak na sina Eleazar at Itamar:
"Kunin ninyo ang alay na butil na natira sa
sinunog na handog kay Yawe, at kanin ninyo
iyon nang walang lebadura sa tabi ng altar,
sapagkat napakabanal niyon. 13 Kanin ninyo
iyon sa isang lugar na banal sapagkat iyon ang
karapatan mo at ng iyong mga anak sa sinunog
na handog kay Yawe. Ito ang iniutos sa akin ni
Yawe.

14 Ang dibdib na paindayog na inihandog at
ang hulihang pata na itinabi ay kakanin ninyo sa
isang malinis na lugar, ikaw at ang iyong mga
anak na lalaki at babae; ito ang kaparte mo at ng
iyong mga anak sa hain ng mga anak ng Israel
para sa mabuting pagsasamahan.

15 Ang hulihang pata na itinabi at ang dibdib
na paindayog na inihandog pati ang tabang
susunugin ay para sa iyo at sa iyong mga anak
magpakailanman, pagkatapos na maihandog
nang paindayog ang mga ito kay Yawe, sa-
pagkat iniutos ito ni Yawe."

16 Nag-usisa naman si Moises tungkol sa
barakong kambing para sa kasalanan, pero
nasunog na pala iyon. Nagalit siya kina Eleazar
at Itamar, ang nalalabing mga anak ni Aaron.
17 Itinanong niya: "Bakit hindi ninyo kinain ang
kambing na ito sa isang lugar na banal? Sa-
pagkat napakabanal ng bagay na ito na ibinigay
sa inyo para pasanin at alisin ang pagkakasala
ng pamayanan. 18 Dahil hindi ipinasok sa
santuwaryo ang dugo niyon, doon din ninyo
dapat kinain ang karne niyon, tulad ng iniutos
ko."

19 Sinabi ni Aaron kay Moises: "Inialay na nila
ang kanilang hain para sa kasalanan at ang
sinunog na handog sa harap ni Yawe sa araw na
ito ng pagluluksa. Mamabutihin kaya ni Yawe
kung kinain ko ang karne ng kambing na inialay
sa araw na ito bilang hain para sa kasalanan?"
20 At nasiyahan si Moises nang marinig niya ito.

**Mga hayop na "malinis" at "di-malinis"**

11 • 1 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
2 "Sabihin n'yo sa mga Israelita: Sa lahat
ng hayop sa lupa, ito lamang ang makakain
ninyo: 3 ang lahat ng may kuko at biyak ang mga
paa at ngumunguya. 4 Ngunit hindi ninyo ma-
kakain ang alinman sa mga ngumunguya la-
mang o may mga kuko lamang at biyak na paa.
Ngumunguya nga ang kamelyo pero wala naman
itong biyak na paa kaya ito'y di-malinis para sa
inyo. 5 Ngumunguya rin ang kuneho pero wala
namang biyak na mga paa, kaya ito'y di-malinis
para sa inyo. 6 Gayon din ang kunehong-bundok.
7 At ang baboy na may biyak nga ang mga paa
pero hindi naman ngumunguya; di-malinis ito
para sa inyo. 8 Huwag ninyong kanin ang karne

• **11.1** May misyon ang isang Israelita na ipagdiwang ang pagsamba sa iisang Diyos. Subalit para makadulog sa Templo upang makilahok sa anumang pagtitipong relihiyoso, kailangan niyang tuparin ang iba't ibang seremonya na magpapaging "malinis" sa kanya, gaya ng binigyang-pansin natin sa kabanata 8. Hindi nangangahulugan ng pagkakaroon ng sala o hindi ang pagiging malinis o di-malinis: ang pagiging handa lamang o hindi pa para dumulog sa altar ang siyang tinutukoy ng mga salitang ito.

Ang mga batas na ito ang tumulong sa Israel para madiskubre ang daan ng tunay na kabanalan:

– Idineklarang di-malinis ang ilang mga hayop na dinarangal ng mga pagano. Kailangang layuan ang mga ito.

– Maraming batas at sistema ng pagbabawal (na sagrado ang simula) tungkol sa sexualidad ang tumutulong sa pagrespeto sa sagradong katangian ng buhay. Kusang nagkakaroon ng iba't ibang panuntunan tungkol sa sex at panganganak sa anumang bayan nang unang panahon. Ganito rin sa mga Judio. Tingnan ang 12:1-8 at kabanata 15.

– May ilang batas tungkol sa pamantayan ng kalinisan at kalusugan, kahit na ibang mga dahilan ang ibinibigay. Halimbawa'y ang pagbabawal sa pagkain ng karne ng baboy (11:7) na nagdadala ng mga sakit sa mga lugar na kulang sa kalinisan. Gayundin ang tungkol sa ketong (kab. 13).

Walang buhay-relihiyoso o Kristiyano na walang edukasyon sa pagpapakatao at katatagang pampamilya. Hindi sapat ang pag-ibig lamang para magtatag ng sambahayan kung walang tatag ng pagkatao o kung nagpapakasal nang hindi pa natututunan ang pagtupad sa mga tungkulin: kaya napakahalaga ang edu-

ng mga ito ni hipuin ang patay na katawan ng mga
ito: di-malinis ang mga ito para sa inyo.
9 Ito naman ang makakain ninyo sa lahat ng
hayop na nasa tubig: lahat ng may mga palikpik
at kaliskis sa mga nasa tubig, sa dagat man o sa
ilog, ay makakain ninyo. 10 Ngunit kasuklaman
ninyo ang lahat ng gumagapang o nabubuhay
sa dagat o sa ilog na walang mga palikpik at mga
kaliskis. 11 Kasuklam-suklam ang mga ito para
sa inyo kaya huwag ninyong kakanin ang karne
ng mga ito, at kasuklaman ang mga patay na
katawan ng mga ito.
12 Di-malinis para sa inyo ang lahat ng kina-
pal na nasa tubig, at walang mga palikpik at mga
kaliskis.
13 Ito ang mga ibong kasusuklaman ninyo, at
hindi makakain sa pagiging di-malinis: agila,
buwitre, buwitreng negro, agilang dagat, 14 lawin
at iba't ibang uri ng falcon, 15 iba't ibang klase ng
mga uwak, 16 ostrits, kuwagong higante, ibong-
dagat, at lahat ng klase ng lawin, 17 kuwagong
liit, kuwagong taingahan at kuwagong kamalig,
18 pelikan, buwitreng Ehipto, 19 istork, iba't ibang
klase ng tagak, paniki at kabag.
20 Magiging kasuklam-suklam para sa inyo
ang lahat ng kulisap na lumilipad at lumalakad
sa apat na paa. 21 Pero may ilang kulisap na may
pakpak na lumalakad sa apat na paa na maka-
kain ninyo: ang mga may hita para makalukso
sa lupa. 22 Kaya makakain ninyo ang iba't ibang
klase ng balang, at lahat ng klase ng tipaklong,
kuliglig at mantis. 23 Di-malinis para sa inyo ang
lahat ng iba pang kulisap na may pakpak at may
apat na paa.
24 Magiging di-malinis kayo sa paghipo sa
mga hayop na ito. Magiging di-malinis hang-
gang gumabi ang humipo sa patay na katawan
ng mga ito. 25 At kailangang labhan ang damit ng
sinumang dumampot sa mga bangkay ng mga
ito, at magiging di-malinis hanggang takipsilim.
26 Gayundin naman, di-malinis para sa inyo ang
lahat ng hayop na may kuko at walang biyak ang
paa at di ngumunguya at magiging di-malinis
din ang lahat ng humipo ng mga ito. 27 Sa mga
hayop na apat ang paa, di-malinis para sa inyo
ang lahat ng lumalakad sa talampakan ng
kanilang mga paa. Magiging di-malinis hang-
gang dapithapon ang lahat ng humipo sa
kanilang bangkay. 28 At kailangang labhan ang
damit ng sinumang dumampot sa kanilang
bangkay at magiging di-malinis siya hanggang
dapithapon. Di-malinis ang mga ito para sa
inyo.
29 Sa mga hayop na gumagapang sa lupa, di-
malinis ang mga ito para sa inyo: mustela, daga,
anumang klase ng bayawak, 30 hunyango, tuko,
buwaya butiki at bubuli. 31 Di-malinis ang mga
ito para sa inyo sa lahat ng hayop na guma-
gapang sa lupa. Magiging di-malinis hanggang
dapithapon ang lahat ng humipo sa mga bang-
kay ng mga ito.
32 Magiging di-malinis ang anumang malag-
lagan ng patay na katawan ng mga ito – maging
ano pa man ang gamit nito, yari man sa kahoy,
tela, katad o balahibo o sako. Ibababad ito sa
tubig at magiging di-malinis hanggang takip-
silim, at saka magiging malinis. 33 Kung sa mga
ito nama'y may malaglag sa palayok, magiging
di-malinis ang lahat ng naroon. At babasagin
mo ang palayok. 34 Anumang pagkain na
nalagyan ng tubig galing dito, at anumang
inumin mula rito ay di-malinis. 35 Nagiging di-
malinis ang anumang malagyan ng patay na
katawan ng mga ito. At kailangang gibain kung

---

kasyon sa pamilya. Maraming iniaatas ang Batas, at marami sa mga ito'y pagtawag lamang sa kaunti pang karangalan at pagpapakatao. Pero bagamat nananatili sa antas ng "laman" (Fil 3:3) ang pagtuturo at "panlabas" na ritwal (Rom 2:28) nito, gayunpaman, inihahanda nito ang mga tao sa paglilingkod sa Diyos sa katotohanan.

Hindi na natin malalaman pa ang dahilan ng marami sa mga batas na ito, pero higit sa lahat ay nagsisilbi ang mga ito para gawing iba ang bayan ng Diyos sa iba pang mga bayan pag sapit sa kanilang mga pagkain, mga piyesta at mga kaugalian.

Hindi maaaring makihalubilo sa kanyang mga paganong kapitbahay ang Israelita, na kadalasan nama'y nakatira sa gitna ng mga taga-ibang bayan. Isinasaayos ng Batas ang lahat ng detalye ng kanyang buhay at pinagbabawalan siyang unti-unting gayahin ang mga kaugalian ng iba at tuloy ay mag-isip gaya nila. Gayong ang saloobin mismo ang dapat magpaging-iba sa mananampalataya, tinutulungan naman siya ng panlabas na disiplina na maging mulat sa sarili niyang espiritu. Tinuturuan ng mga batas sa Matandang Tipan ang isang bayang hindi pa sumasapit sa paglago at pamumunga sa relihiyon kaya itinatadhana rito ang isang kaibang pamumuhay.

Nagsimula sa panahon ni Esdras ang napakaistriktong pagsunod sa mga batas na ito. Ang mga ito ang nagbigay-direksyon sa pamayanang Judio sa mga huling dantaon bago dumating si Kristo. Matutunghayan natin sa Nehemias 13 ang panganib na nakapaloob sa pananatili nilang hiwalay sa ibang mga tao.

Sa panahon ni Jesus, masyado ang kapit ng mga Judio sa mga kautusang ito na sa simula'y mga panlabas na kundisyon lamang para makilahok sa mga gawaing panrelihiyon. Tinuligsa ni Jesus ang pagkalitong ito sa legal na *kalinisan* sa kalinisan ng konsiyensya: Mc 7:15.

11:46. Ang Biblia ay hindi isang libro ng mga kaalamang pang-agham.

ito'y hurnuhan o pugon. Di-malinis ang mga ito at ituring ninyong di-malinis ang mga ito. [36] (Tanging ang bukal lamang o balon na pinag-iipunan ng tubig ang nananatiling malinis.) Ngunit nagiging di-malinis anumang madikit sa patay na katawan ng mga ito.

[37] Kung may patay sa mga hayop na ito na malaglag sa binhi, mananatili itong malinis; [38] subalit kung nabasa na ang binhi at saka may nalaglag dito, magiging di-malinis ito. [39] Kung mamatay naman ang isa sa mga hayop na puwede ninyong kainin, magiging di-malinis hanggang takipsilim ang sinumang humipo sa patay na katawan nito. [40] Kailangang labhan ang damit ng sinumang kumain nito at magiging di-malinis siya hanggang dapithapon. Gayundin naman kailangang labhan ang damit ng sinumang kumuha sa patay na katawan nito, at magiging di-malinis siya hanggang dapithapon.

[41] Kasuklam-suklam ang lahat ng hayop na gumagapang sa lupa at di makakain. [42] Huwag kayong kakain ng anumang hayop na gumagapang sa tiyan nito o sa apat na paa o maraming paa; kasuklam-suklam ito. [43] Huwag dungisan ang sarili sa mga hayop na gumagapang; huwag maging di-malinis o gawing di-malinis ang sarili sa mga ito. [44] Sapagkat ako si Yaweng inyong Diyos; magpakabanal kayo at maging banal sapagkat ako ay Banal. Huwag ninyong gawing di-malinis ang inyong sarili sa mga hayop na gumagapang sa lupa. [45] Ako si Yawe na naglabas sa inyo mula sa Ehipto upang maging Diyos ninyo, kayat maging banal kayo, sapagkat ako ay Banal.

[46] Ito ang batas tungkol sa mga hayop at mga ibon at sa lahat ng maybuhay na gumagalaw sa tubig o gumagapang sa lupa, [47] para malaman ninyo kung alin ang malinis at di-malinis, ang hayop na puwedeng kainin at hindi."

**Batas tungkol sa babaeng bagong panganak**

**12** • [1] Sinabi ni Yawe kay Moises: [2] "Sabihin mo sa mga Israelita: Kapag nagsilang ng isang sanggol na lalaki ang isang babae, siya ay magiging di-malinis sa loob ng pitong araw, tulad sa mga araw ng kanyang regla. [3] Kailangang tuliin ang bata sa ikawalong araw; [4] at maghihintay ang babae nang tatlumpu't tatlong araw para luminis sa kanyang pagdudugo. Hindi siya dapat humipo ng anumang bagay na sagrado o pumasok sa santuwaryo hanggang hindi natatapos ang panahon ng kanyang paglilinis.

[5] Kapag nagsilang naman siya ng sanggol na babae, magiging di-malinis siya sa loob ng dalawang linggo gaya ng kapag nireregla siya; at maghihintay siya nang animnapu't anim na araw para luminis sa kanyang pagdudugo. [6] At kapag natapos na ang panahon ng kanyang paglilinis, maging sa anak na lalaki o babae, magdadala siya sa pari sa pintuan ng Toldang Tagpuan ng isang korderong isinilang nang taong iyon bilang sinunog na handog, at isang batang kalapati o isang batubato bilang hain para sa kasalanan. [7] At iaalay naman iyon ng pari kay Yawe upang magbayad-sala para sa babae, at magiging malinis na siya mula sa pag-agos ng kanyang dugo. Ito ang Batas para sa nagsisilang ng sanggol na lalaki o babae.

[8] Ngunit kung hindi siya makapaghahandog ng kordero, kukuha siya ng dalawang batubato o dalawang batang kalapati, ang isa bilang sinunog na handog at ang isa pa bilang hain para sa kasalanan. Magbabayad-sala ang pari para sa babae, at magiging malinis na siya.

**Batas tungkol sa ketongin**

**13** • [1] Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron: [2] "Sinumang may bukol, singaw o bahid sa balat ng kanyang katawan na maaaring mauwi sa ketong ay kailangang dalhin kay Aarong pari o sa isa sa mga paring inapo niya. [3] Titingnan ng pari ang sugat, at kung namuti ang balahibo sa singaw, at ang singaw ay parang mas malalim kaysa balat, simula na nga iyon ng ketong. Kapag nakita ito ng pari, ipahahayag niyang di-malinis ang tao.

[4] Ngunit kung maputi ang singaw at hindi naman mas malalim kaysa balat, at hindi rin namuti ang balahibo rito, ibubukod ng pari ang

---

• **12.**1 Malimit na pinaghahambing ng mga bayan nang unang panahon ang "malinis" at dakilang dugo na ibinuhos ng isang lalaki sa digmaan at ang "di-malinis" na dugong lumalabas sa babae. Kayat hindi pinatatahimik ng panganganak at ng mga regla ang mga lalaki (at sila ang mga nagtatadhana ng mga patakaran at gumagawa ng mga batas) at nangangailangan ang mga ito ng mga seremonya ng paglilinis.

Makikita natin dito na kahit na salita ng Diyos ang mga batas sa Biblia, iniaakma pa rin ang mga ito sa panahon ng Matandang Tipan at sa sariling mga kriterya ng bayan ng Israel. Alam ito ng bayang sumasampalataya at ipinahayag nila ito sa sarili nilang paraan sa pagsasabing mga anghel ang nag-ayos ng Batas: Gawa 7:38; Gal 3:19; Heb 2:2.

Napasailalim sa mga seremonyang ito si Jesus at ang kanyang ina: Lc 2:21.

• **13.**1 Malubha at nakahahawang sakit ang ketong at kinakailangang ihiwalay sa pamayanan ang

maysakit sa loob ng pitong araw. 5 Titingnan siyang muli ng pari sa ikapitong araw. Kung makita niyang walang pagbabago ang sugat at hindi kumalat sa balat, muli niyang ibubukod ang maysakit nang pitong araw pa, 6 at titingnang muli sa ikapitong araw. Kapag hindi makintab ang sugat at hindi kumalat sa balat, ipahahayag ng pari na malinis ang tao: singaw lamang ito. Lalabhan niya ang kanyang damit at lilinis na siya. 7 Ngunit kung kumalat sa balat ang singaw matapos tingnan ng pari ang maysakit at ipahayag na malinis, kailangan siyang humarap uli sa pari. 8 Pagkatapos siyang matingnan ng pari at makitang kumalat nga ang singaw sa balat, dapat siyang ipahayag ng pari na di-malinis: ketong iyon.

9 Kapag nagkaketong ang isang tao, kailangan siyang dalhin sa pari 10 na siyang dapat tumingin sa kanya, at kung makakita ang pari ng maputing bukol sa balat at pinaputi nito ang balahibo rito, at may lumilitaw na sariwang sugat, 11 ketong iyon at dapat siyang ipahayag ng pari na di-malinis. Walang kabuluhang ibukod pa siya; di-malinis na siya.

12 Ngunit kapag kumalat na sa buong balat ang ketong, kapag balot na siya ng ketong mula ulo hanggang paa, ayon sa nakikita ng pari, 13 titingnan ng pari ang maysakit, at kung makita niyang balot na ng ketong ang buong katawan, ipahahayag niyang malinis ang maysakit. Sapagkat namuti na itong lahat, malinis na siya. 14 Ngunit kapag may lumitaw na sariwang sugat, magiging di-malinis siya. 15 Pagkatingin ng pari sa sariwang sugat, ipahahayag siyang di-malinis. Di-malinis ang sariwang sugat: ketong iyon. 16 Ngunit kung magbago ang sugat at muling mamuti, kailangan siyang bumalik sa pari. 17 Titingnan siya ng pari, at kung makita nitong namuti na ang sugat, ipahahayag ng pari na malinis ang maysakit: malinis na siya.

18 Kapag may nagkasingaw sa kanyang balat, at matapos gumaling 19 ay nag-iwan ng maputing pamamaga o makintab na mantsang mamula-mulang mamuti-muti, kailangang magpatingin siya sa pari. 20 Titingnan siya ng pari, at kung makita nito na mas malalim ito kaysa balat at namuti ang balahibo rito, ipahahayag siyang di-malinis ng pari: ketong iyon na nagmula sa singaw. 21 Ngunit kung makita ng pari na walang puting balahibo o hindi ito mas malalim kaysa balat at hindi nagbago ng kulay, ibubukod niya ang maysakit nang pitong araw. 22 Kung kalat na ito sa kabuuan ng balat, ipahahayag siya ng pari na di-malinis: ketong iyon.

23 Ngunit kung ang nangingintab na bahagi ay hindi nagbabago at hindi kumakalat, pilat lamang iyon ng singaw at ipahahayag ng pari na malinis ang taong iyon.

24 Kapag napaso ang isang tao at nagkaroon ng bahid na puti o pula ang paso, 25 kailangang tingnan iyon ng pari. Kung makita niyang namuti ang balahibo sa bahaging iyon, at mas malalim kaysa balat, ketong iyon na nagsimula sa paso. Ipahahayag ng pari na di-malinis ang tao: ketong iyon. 26 Ngunit kung matapos tingnan ay makita ng pari na walang puting balahibo sa bahaging iyon at hindi mas malalim kaysa balat, ngunit hindi nagbago ang kulay, ibubukod siya ng pari sa loob ng pitong araw. 27 Sa ikapitong araw, titingnan siyang muli ng pari, at kung kumalat iyon sa balat, ipahahayag ng pari na siya ay di-malinis: ketong iyon. 28 Kung hindi nagbabago at hindi kumakalat sa balat ang bahaging makintab, ngunit nagbago ang kulay, pamamaga lamang iyon bunga ng paso. Ipahahayag ng pari na malinis ang tao, pilat lamang iyon sa paso.

29 Kung ang isang lalaki o babae ay magkaroon ng sugat sa ulo o sa baba, 30 kailangang tingnan ng pari ang sugat, at kung ito'y waring mas malalim kaysa balat, at nanilaw at numipis ang buhok doon, ipahahayag siyang di-malinis ng pari. Iyon ang kinatatakutang sakit sa balat, ang ibig sabihi'y ketong sa ulo o baba. 31 Kung makita naman ng pari sa pagtingin niya sa sakit sa balat na hindi mas malalim kaysa balat at walang itim na balahibo, pitong araw niyang ibubukod ang tao. 32 Sa ikapitong araw, titing-

---

maysakit. Ang ketongin ay "di-malinis", ibig sabihi'y hindi siya puwedeng makilahok sa buhay-publiko at panrelihiyon (tingnan ang sinasabi sa 8:1 at 11:1).

Ipinalalagay na parusa ng Diyos ang mga kasawiampalad nang panahong iyon, at ang ketong ay itinuring na tanda ng sumpa ng Diyos. Madaling pinaniwalaan ng lahat na talaga ngang di-malinis sa mata ng Diyos ang ketonging inihiwalay mula sa pamayanan.

Kabilang sa mga obligasyon ng mga pari ang pagsusuri sa ketong at "pagrereseta" na bumukod at mapag-isa ang mga mayketong. Kailangan din nilang tiyakin kung gumaling na nga ang ketongin at payagan siyang makauwi sa kanyang pamilya. Aalalahanin ito ni Jesus sa pagpapagaling niya sa mga ketongin (Mc 1:43).

Ayon sa matandang popular na kultura ang mga alay para sa paglilinis ng ketongin. Ang mahiwagang "kasalanan" na ayon sa kanila'y sanhi ng ketong ay nalilipat sa dalawang ibon (14:5). Pinapatay ang isa sa mga ito upang kasama nitong mawala ang kasalanan. At para talagang makatiyak, pinakakawalan ang isa pang ibon para dalhin sa malayo ang kasalanan ding iyon na ngayo'y tunaw na sa dugo ng patay na ibon (14:6-7).

nan uli ng pari ang sugat, at kung hindi kumalat
ang sakit sa balat, at hindi nanilaw ang balahibo
roon, at hindi mas malalim kaysa balat, 33 aahi-
tin ng maysakit ang lahat niyang buhok, ma-
liban sa nasa bahaging may galis (sakit sa
balat), at muli siyang ibubukod ng pari sa loob
ng pitong araw. 34 At sa ikapitong araw, titingnan
ng pari ang galis, at kung hindi naman kumalat
sa balat ang galis, at hindi mas malalim kaysa
balat, ipahahayag ng pari na malinis ang may-
sakit. Magiging malinis siya pagkatapos malab-
han ang kanyang suot. 35 Ngunit kung kumalat
ang galis pagkatapos ng kanyang paglilinis,
36 titingnan siya ng pari; at kung kumalat nga sa
balat ang galis, hindi na kailangang tingnan pa
kung nanilaw ang balahibo rito o hindi – di-
malinis ang taong iyon. 37 Samantala, kung sa
tingin ng pari ay hindi iyon kumalat at nagsi-
simula iyong tubuan ng itim na balahibo, maga-
ling na ang galis. Malinis na siya at ipahahayag
ng pari na siya ay malinis.

38 Kung magkabatik na puti ang isang lalaki o
babae sa kanyang balat, 39 kailangang tingnan
iyon ng pari. Kung makita niyang hindi mas-
yadong maputi ang mga iyon, karaniwang
pantal lamang iyon sa balat: malinis ang may-
sakit.

40 Kung malugas ang buhok sa ulo ng isang
lalaki, nakalbo lamang siya, ngunit malinis siya.
41 Kung malugas naman ang kanyang buhok sa
may noo, nakakalbo lamang siya sa noo, ngunit
malinis siya. 42 Subalit kung may lumitaw na
mamula-mulang maputing sugat sa kanyang
ulo o noong walang buhok, simula iyon ng
ketong. 43 Kailangang tingnan iyon ng pari, at
kung may namamagang sugat na mamula-
mulang mamuti-muti sa kanyang ulo o noong
walang buhok, tulad ng ketong sa balat, 44 may
ketong ang tao: di-malinis siya. Ipahahayag ng
pari na siya ay di-malinis; may ketong siya sa
ulo.

**Ang ketongin**

45 Ang taong may ketong ay kailangang
magsuot ng winarak na damit at hindi dapat
magsuklay ng buhok; kailangang takpan niya
ang kanyang nguso at sumigaw – Di-malinis, di-
malinis! – 46 siya'y di-malinis hangga't may
sugat siya, kaya kailangan siyang mamuhay
nang malayo sa iba: titira siya sa labas ng
kampo.

47 Kapag nagkasugat ng ketong ang isang
damit na lana o linen, 48 telang lana o linen, o
katad – 49 at kung ang damit, tela o katad o
anumang yari sa katad ay maberde-berde o
mamula-mula, iyon ay kumakalat na sugat ng
ketong na kailangang ipakita sa pari. 50 Titing-
nan iyon ng pari at itatabi niya sa loob ng pitong
araw ang bagay na may sugat ng ketong.
51 Kung makita niya sa ikapitong araw na kuma-
lat na sa damit, tela o katad ang sugat ng ketong,
iyon ay ketong na lumalala, at di-malinis ang
bagay na iyon. 52 Susunugin ng pari ang damit,
telang linen o lana, o anumang yari sa katad na
kinalatan ng sugat ng ketong pagkat ito'y
ketong na dapat sunugin sa apoy.

53 Ngunit kung makita ng pari sa kanyang
pagtingin na hindi kumalat ang sugat ng ketong
sa damit, tela o anumang bagay na katad,
54 iuutos niyang hugasan ang bagay na iyon at
itatabing muli sa loob ng pitong araw. 55 Pagka-
tapos mahugasan, muli iyong titingnan ng pari,
at kung makita niyang hindi nagbago ng kulay
ang sugat ng ketong kahit na hindi kumalat, di-
malinis ang bagay na iyon. Kailangang sunugin
iyon sa apoy. 56 Ngunit kung makita ng pari sa
kanyang pagtingin na di makintab ang sugat ng
ketong pagkatapos mahugasan, pupunitin niya
iyon sa damit, tela o katad. 57 Subalit kung muli
itong lumitaw sa damit o tela o anumang bagay
na katad, muli itong kumakalat at kailangang
sunugin ng may-ari ang bagay na may sugat ng
ketong. 58 Ang damit, tela o anumang bagay na
katad na nagkaroon ng sugat ng ketong ngunit
nawala matapos labhan ay kailangang labhan
uli at magiging malinis na iyon. 59 Ito ang batas
para sa sugat ng ketong sa damit na linen o lana,
sa tela o anumang bagay na katad – para masabi
kung ito ay malinis o di-malinis.

**Paglilinis mula sa ketong**

**14** 1 Kinausap ni Yawe si Moises, at sinabi:
2 "Ito ang magiging batas para sa ketongin
sa araw ng kanyang paglilinis. Kailangan siyang
iharap sa pari, 3 at dadalhin siya ng pari sa labas
ng kampo at titingnan. At kung gumaling na ang
ketong ng ketongin, 4 magpapadala ang pari ng
dalawang buhay at malinis na ibon, kahoy na
sedro, pulang sinulid at isopo para sa taong
lilinisin. 5 Ipapapatay rin ng pari ang isa sa mga
ibon sa ibabaw ng isang palayok na nasa ibabaw
naman ng tubig na umaagos. 6 Kukunin ng pari
ang buhay na ibon, pati ang kahoy na sedro, ang
pulang sinulid at isopo, at itutubog sa dugo ng
ibong pinatay sa ibabaw ng umaagos na tubig.
7 At pitong beses niyang wiwisikan ang taong
lilinisin mula sa ketong, at ipahahayag siyang
malinis. At pawawalan naman niya ang buhay
na ibon sa gubat.

8 Kailangang labhan ng taong lilinisin ang

kanyang suot, at ahitin ang lahat niyang buhok
at maligo sa tubig; at lilinis na siya. Pagkatapos
nito, makakapasok na siya sa kampo, pero
kailangan siyang manatili sa labas ng kanyang
tolda sa loob ng pitong araw. 9 Sa ikapitong
araw, aahitin niya ang lahat ng buhok sa kan-
yang ulo, baba at kilay at ang lahat pa niyang
buhok. Lalabhan niya ang kanyang suot, mali-
ligo sa tubig at magiging malinis siya.

10 Sa ikawalong araw, kukuha siya ng dala-
wang tupang lalaki at isang babaeng tupa na
isang taong gulang, na pawang walang kapin-
tasan, at tatlong ikapung takal ng pinong harina
na may halong langis, bilang handog na butil, at
tatlong ikapung litrong langis. 11 Ang taong
lilinisin ay ihaharap kay Yawe sa pintuan ng
Toldang Tagpuan ng paring nagpapahayag na
malinis na siya, pati ang mga handog nito.

12 Kukunin ng pari ang unang kordero at
iaalay iyon bilang hain para sa utang, kasama
ang tatlong ikapung litro ng langis. Iiindayog
niya ang mga iyon sa harap ni Yawe. 13 Ka-
katayin niya ang kordero sa lugar na pinag-
kakatayan ng hain para sa kasalanan at ng
sinunog na handog – sa banal na lugar. Sapag-
kat para sa pari ang hain para sa utang, tulad ng
handog para sa kasalanan; napakabanal niyon.
14 At kukuha ang pari ng kaunting dugo sa hain
para sa utang at ipapahid sa pinggol ng kanang
tainga ng taong lilinisin, sa hinlalaki ng kanang
kamay at sa hinlalaki ng kanang paa nito. 15 At
kukunin niya ang langis at ibubuhos sa palad ng
kanyang kaliwang kamay. 16 Isasawsaw niya
ang kanyang kanang hintuturo sa langis na nasa
kanyang kaliwang palad, at pitong beses na
iwiwisik ng kanyang daliri ang langis sa harap ni
Yawe.

17 At ang natirang langis sa kanyang palad ay
ipapahid niya sa pinggol ng kanang tainga ng
taong lilinisin, sa hinlalaki ng kanang kamay at
sa hinlalaki ng kanang paa nito sa ibabaw ng
dugo ng hain para sa utang. 18 At ang matitira
pang langis sa kanyang palad ay ipapahid
naman niya sa ulo ng taong nililinis. Sa ganitong
paraan niya isasagawa ang ritwal ng pag-
babayad-sala kay Yawe. 19 At iaalay ng pari ang
handog para sa kasalanan, at isasagawa ang
ritwal sa pagbabayad-sala para sa taong nili-
linis. Pagkatapos nito, papatayin niya ang ha-
yop para sa sinunog na handog, 20 at iaalay sa
altar kasama ang handog na butil. Pagkatapos
maisagawa ng pari ang ritwal ng pagbabayad-
sala para sa kanya, magiging malinis na siya.

21 Kung dukha ang ketongin at hindi kaya ang
lahat ng ito, kukuha siya ng isang kordero bilang
hain para sa utang na paindayog na ihahandog
bilang pagbabayad-sala para sa kanya, kasama
ang ikapung bahagi lamang ng isang takal ng
harinang trigo na may halong langis bilang butil
na handog, pati ang tatlong ikapung litro ng
langis at – kung kaya niya ang mga ito –
22 dalawang batubato o dalawang batang kala-
pati, ang isa para sa handog para sa kasalanan
at ang isa naman bilang sinunog na handog.
23 Kailangang dalhin niya ang mga ito sa ika-
walong araw sa pari sa pintuan ng Toldang
Tagpuan sa harap ni Yawe para sa paglilinis sa
kanya.

24 Kukunin ng pari ang kordero para sa hain
para sa utang, at ang tatlong ikapung litro ng
langis, at paindayog na iaalay sa harap ni Yawe.
25 At papatayin niya ang kordero bilang hain
para sa utang, kukuha siya ng kaunting dugo
niyon at ipapahid sa pinggol ng kanang tainga
ng taong nililinis, sa hinlalaki ng kanang kamay
at sa hinlalaki ng kanang paa nito. 26 Ibubuhos
niya ang langis sa kaliwa niyang palad, 27 at
pitong beses niyang iwiwisik ang langis sa pa-
mamagitan ng kanyang kanang hintuturo sa
harap ni Yawe. 28 Ipapahid din niya ang kaunti
niyon sa pinggol ng kanang tainga ng taong
nililinis, at sa hinlalaki ng kanang kamay at
hinlalaki ng kanang paa nito, tulad ng ginawa sa
dugo ng hain para sa utang.

29 Ang matitirang langis sa kanyang palad ay
kailangang ipahid sa ulo ng taong nililinis, ha-
bang isinasagawa ang ritwal ng pagbabayad-
sala para sa kanya sa harap ni Yawe. 30 Sa
dalawang batubato o dalawang batang kalapati
– kung kaya niya ang mga ito – iaalay niya 31 ang
isa bilang handog para sa kasalanan, at ang isa
naman bilang sinunog na handog, kasama ang
handog na butil – kung kaya niya. Sa ganitong
paraan isasagawa ng pari sa harap ni Yawe ang
ritwal ng pagbabayad-sala para sa taong nili-
linis.

32 Ito ang batas para sa sinumang may ketong
na hindi kaya ang presyo ng kanyang paglilinis."

**Ang "ketong" ng mga bahay**

33 Kinausap ni Yawe sina Moises at Aaron, at
sinabi sa kanila: 34 "Pagpasok ninyo sa lupain ng
Kanaan na ibibigay ko sa inyo bilang inyong
pag-aari, kung ipahamak ko man sa kung
anong ketong ang mga bahay sa lupaing ma-
giging inyo, 35 ipagbibigay-alam ito ng may-ari
ng bahay sa pari at sasabihin: 'May kung anong
parang ketong sa bahay ko!' 36 At bago puma-
sok ang pari sa bahay para suriin ang ketong,
paaalisan niya ng laman ang bahay upang

walang anumang nasa loob ng bahay ang masabing di-malinis. At saka pa lamang siya papasok para suriin ang bahay.

37 Kung sa pagsusuri niya'y makita niyang may maberde-berde o mamula-mulang sugat sa dingding na mas malalim kaysa dingding mismo, 38 lalabas ang pari sa pintuan ng bahay at pitong araw niyang ipasasara ang bahay.

39 Babalik ang pari sa ikapitong araw para tingnan kung kumalat ang mantsa sa mga dingding, 40 ipatatanggal niya ang mga batong namantsahan at ipahahagis sa isang di-malinis na lugar sa labas ng siyudad. 41 Ipakakaskas niya ang buong loob ng bahay, at ipatatapon sa isang di-malinis na lugar sa labas ng bayan. 42 Kukunin ang mga bagong bato at ipapalit sa mga lumang bato nang may bagong semento at ididikit sa bahay.

43 Kung muling lumitaw ang salot matapos maalis ang mga bato at makaskas ang bahay at malagyan ng panibagong semento, 44 papasok ang pari at susuriin iyon. Kung kumalat ang salot sa bahay, iyon ay ketong na nakahahawa kaya di-malinis ang bahay. 45 Kailangang gibain ang bahay: lahat ng bato at mga troso at semento niyon, at hakutin sa isang di-malinis na lugar sa labas ng bayan.

46 Kung may pumasok sa bahay na isinara, magiging di-malinis siya hanggang hapon. 47 Lalabhan ng sinumang matulog o kumain sa bahay na iyon ang kanyang mga damit.

48 Kung makita ng pari na hindi kumalat ang salot pagkatapos ng pagsesemento, idedeklara niyang malinis ang bahay dahil nagamot na ang salot.

49 Bilang pagbabayad-sala para sa bahay, kukuha siya ng dalawang ibon, at kahoy na sedro, eskarlatang sinulid at pangwisik. 50 Papatayin niya ang isang ibon sa ibabaw ng isang palayok, sa ibabaw ng tubig na umaagos. 51 At saka niya kukunin ang kahoy na sedro, ang pangwisik at ang eskarlata, pati na ang buhay na ibon. At ilulubog niya ang mga ito sa dugo ng pinatay na ibon at sa buhay na tubig, at makapitong wiwisikan ang bahay.

52 Kaya magbabayad-sala siya para sa bahay sa pamamagitan ng dugo ng ibon at ng buhay na tubig, at ng buhay na ibon, ng kahoy na sedro, ng pangwisik at ng eskarlata. 53 At saka niya pawawalan ang buhay na ibon sa bukid sa labas ng bayan. Kaya mapapatawad ang bahay at magiging malinis.

54 Ito ang batas sa anumang ketong at anan, 55 sa ketong sa mga damit at mga bahay, 56 sa mga langib, mga pamamaga at mga pantal, 57 para ituro kung kailan di-malinis o malinis ang tao. Ito ang batas tungkol sa ketong."

**Pagiging "di-malinis" sa sex**

**15** • 1 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron: 2 "Magsalita kayo sa mga Israelita at sabihin sa kanila: Ang sinumang lalaking may tumutulong kung ano sa laman ay di-malinis. 3 Di siya malinis sa tulo ng laman, at di rin siya malinis mahadlangan man ang tulo sa kanyang laman. 4 Di-malinis ang higaang mahigan ng taong may tumutulo sa laman pati ang upuang maupuan niya. 5 Magiging di-malinis hanggang hapon ang humipo ng kanyang higaan; dapat niyang labhan ang kanyang mga damit at maligo.

6 Magiging di-malinis hanggang hapon ang maupo sa anumang inupuan ng taong ito; dapat niyang labhan ang kanyang mga damit at maligo.

7 Magiging di-malinis hanggang hapon ang humipo sa katawan ng taong iyon; dapat niyang labahan ang kanyang mga damit at maligo. 8 Kung maduraan ng maytulo ang isang taong malinis, magiging di-malinis din ito hanggang hapon; dapat niyang labhan ang kanyang mga damit at maligo.

9 Magiging di-malinis ang upuang sakyan ng maytulo. 10 Magiging di-malinis hanggang hapon ang sinumang humipo sa anumang inupuan niya at ang sinumang bumuhat nito; dapat niyang labhan ang kanyang mga damit at maligo.

11 Ang sinumang humipo sa maytulo ay kailangang maghugas ng mga kamay; kung

• **15.**1 Sa lahat ng bayan nang unang panahon, may sagradong katangian sa kanila ang lahat ng tungkol sa sex at panganganak. Parang ito ang dahilan ng mga kautusan tungkol sa sexual na *kadalisayan at kahalayan*. Isang pagkakamali kung iintindihin natin ang mga ito na para bang mahalay na sa ganang sarili ang mga sexual na relasyon. Sapagkat nagiging mahalay lamang ito kapag hindi inirerespeto ang mga hinihingi ng tunay na pagmamahal.

Namayan ang mga Israelita sa piling ng mga Kananeong napailalim sa mga puwersa ng kalikasan na itinuring nilang gawa ng Diyos at sa mga pagwawala sa sex sa lahat nilang piyestang panrelihiyon. Para naman sa mga Israelita, ang maraming paglilinis tungkol sa sex ang nagpapaalaala sa kanila na bahagi ito ng isang kalikasang nilikha ng Diyos kayat kailangang pailalim ang mga udyok nito sa Batas na idineklara ng Diyos. Iba pang mga pagsasaalang-alang ang pumapatnubay sa binyagan: 1 Cor 6 at 7.

hindi'y magiging di-malinis siya hanggang ha-
pon at kailangan niyang labhan ang kanyang
mga damit at maligo. 12 Babasagin ang palayok
na hinipo ng maytulo at huhugasan naman ng
tubig ang kagamitang yari sa kahoy.

13 Sa paglilinis ng maytulo, pitong araw
siyang maghihintay. At saka niya lalabhan ang
kanyang mga damit at paliliguan ang kanyang
katawan sa tubig na umaagos, at magiging
malinis siya. 14 Sa ikawalong araw ay magda-
dala siya ng dalawang batubato o batang kala-
pati, at haharap kay Yawe sa may pintuan ng
Toldang Tagpuan, at ibibigay niya sa pari ang
mga ito. 15 Iaalay ng pari ang isa para sa pag-
babayad-sala at ang isa pa bilang susunuging
handog. Sa gayo'y mapapatawad sa harap ni
Yawe ang taong may tulo.

16 Kapag nilabasan ang isang lalaki, siya ay
magiging di-malinis hanggang hapon; kaila-
ngan niyang paliguan ang buong katawan.
17 Magiging di-malinis hanggang hapon ang
alinmang damit o balat na nalabasan at kaila-
ngang hugasan ng tubig. 18 Kapag sumiping ang
lalaki sa isang babae, sila'y magiging di-malinis
hanggang hapon at dapat silang maligo.

19 Kung dinudugo ang isang babae at uma-
agos ang dugo nito mula sa kanyang katawan,
pitong araw siyang di-malinis. Magiging di-
malinis hanggang hapon ang sinumang humipo
sa kanya. 20 Magiging di-malinis ang higaan o
anumang higan niya o upuan habang siya'y di-
malinis.

21 Magiging di-malinis hanggang hapon ang
humipo sa kanyang higaan; kailangan niyang
labhan ang kanyang mga damit at maligo. 22 Ma-
giging di-malinis hanggang hapon ang humipo
ng anumang kasangkapan na kanyang inu-
puan; kailangan niyang labhan ang kanyang
mga damit at maligo.

23 Magiging di-malinis hanggang hapon ang
humipo ng anumang bagay na nasa higaan o
upuan ng babaeng iyon. 24 Pitong araw na ma-
giging di-malinis ang lalaking sisiping sa kanya
at makakasama sa kanyang pagkadi-malinis.
At magiging di-malinis din ang lahat ng higaang
kanyang higan.

25 Kung matagal na dinudugo ang isang
babae bukod sa kanyang regla o kaya'y patuloy
siyang dinudugo dahil sa regla, di-malinis ang
pagdurugo at siya ay di-malinis gaya ng sa
kanyang buwanang mantsa. 26 Magiging di-
malinis ang higaang mahigan niya habang di-
nudugo siya gaya ng kung siya'y may regla. At
magiging di-malinis ang upuang maupuan niya.
27 Magiging di-malinis hanggang hapon ang
humipo sa mga iyon; kailangan niyang labhan
ang kanyang mga damit at maligo.

28 Sa paglilinis niya sa kanyang pagdurugo,
pitong araw siyang maghihintay, at saka siya
magiging malinis. 29 Sa ikawalong araw ay ku-
kuha siya ng dalawang batubato o batang ka-
lapati, at dadalhin niya ang mga ito sa pari sa
may pintuan ng Toldang Tagpuan. 30 Iaalay ng
pari ang isa para sa pagbabayad-sala at ang isa
pa bilang susunuging handog. Sa gayo'y mapa-
patawad sa harap ni Yawe ang babae sa mantsa
ng kanyang pagdurugo.

31 Kaya palayuin ninyo ang mga Israelita sa
kanilang mantsa at baka lapastanganin nila ang
aking Tirahan sa kanilang piling, at mamamatay
sila bunga ng kanilang mantsa.

32 Ito ang batas tungkol sa lalaking naging
di-malinis dahil sa tulo o dahil nilabasan siya,
33 gayundin sa babaeng may buwanang mantsa,
sa lalaki at babaeng may tumutulong kung ano,
sa lalaking sumisiping sa babaeng di-malinis."

**Ang dakilang araw ng kapatawaran**

**16** • 1 Kinausap ni Yawe si Moises pagka-
matay ng dalawang anak ni Aaron na
namatay paglapit nila kay Yawe, 2 at sinabi niya:
"Sabihin mo sa kapatid mong si Aaron na huwag
papasok kailanman sa Santuwaryong nasa
likod ng kurtina, ni tatayo sa harap ng Lugar ng
Pagpapatawad na nasa ibabaw ng Kaban para di
siya mamatay dahil pakikita ako sa gitna ng
ulap sa ibabaw ng Lugar ng Kapatawaran.

3 Sa ganito lamang makapapasok si Aaron sa
Santuwaryo: Magdadala siya ng batang toro
bilang hain para sa kasalanan at ng barakong
tupa bilang susunuging handog. 4 Isusuot niya
ang sagradong tunikang linen, ibibihis ang kar-
sonsilyong linen, ibibigkis ang sinturong linen,

---

• **16.**1 Makahulugan ang piyesta ng Pagpapatawad: isa sa mga barakong kambing ang nagdadala sa parusa ng kasalanan kayat kailangan itong mamatay. Ang isa nama'y itinataboy pa-Azazel. Isinasagisag nito na pinapasan ng *barakong kambing* ang mga kasalanan ng bayan. At si Kristo naman ang tunay na mag-aalis ng mga ito (Jn 1:29).

Inaalaala ng Sulat sa Mga Hebreo, kab. 9 at 10, ang mga seremonyang ito ng mga Judio sa paglalahad nito sa Pagpapatawad sa mga kasalanan na nakamit ni Kristo para sa atin sa kanyang kamatayan at pagkabuhay.

Inuulit sa 16:29-34 na magiging batas na panghabampanahon ang mga utos na ito. Paano natin maipaliliwanag ngayon ang pagpapawalang-bisa ng Iglesya sa mga ito sa pagdating ni Kristo? Ipinaliliwanag ito ni Pablo sa Galasya 3-5.

at isusuot ang turbang linen. Ito ang mga sagra-
dong damit na isusuot niya matapos maligo.
5 Tatanggapin niya mula sa sambayanan ng
Israel ang dalawang barakong kambing bilang
hain para sa kasalanan at isang barakong tupa
bilang susunuging handog. 6 Sa paghahain ni
Aaron ng toro para sa kasalanan, ginagawa niya
ang seremonya ng pagbabayad-sala para sa
kanyang sarili at sa kanyang sambahayan. 7 At
saka niya kukunin ang dalawang barakong
kambing at ihaharap kay Yawe sa may pintuan
ng Toldang Tagpuan.
8 Magpapalabunutan siya sa dalawang bara-
kong kambing: isa para kay Yawe, at isa para
kay Azazel. 9 Ang palaring maging para kay
Yawe ay dadalhin ni Aaron at iaalay bilang hain
para sa kasalanan. 10 Ang barakong kambing
namang mapatapat kay Azazel ay ihaharap
nang buhay kay Yawe para gawin ang seremon-
ya ng pagbabayad-sala at itataboy ito sa dis-
yerto para kay Azazel.
11 Kapag naiharap na ni Aaron ang toro bilang
hain niya para sa kasalanan sa pagbabayad-
sala para sa sarili at sa kanyang sambahayan,
saka niya ito kakatayin. 12 Kukuha siya ng
insensaryong puno ng baga mula sa altar na
nasa harap ni Yawe, at ng dalawang dakot na
pulbos ng mabangong insenso, at dadalhin sa
likod ng kurtina. 13 Ilalagay niya ang insenso sa
apoy na nasa harap ni Yawe upang mabalot ng
ulap ng insenso ang Lugar ng Pagpapatawad na
nasa ibabaw ng Kaban, kayat hindi siya mama-
matay.
14 Kukuha siya ng dugo ng toro at iwiwisik ito
ng kanyang daliri sa may harap ng Lugar ng
Pagpapatawad, at pitong beses na iwiwisik ng
kanyang daliri ang dugo sa harap nito. 15 At
kakatayin niya ang kambing na hain para sa
kasalanan ng bayan, at dadalhin ang dugo nito
sa likod ng kurtina. Gagawin niya rito ang gina-
wa niya sa dugo ng toro: wiwisikan ang Lugar ng
Pagpapatawad sa may harap nito. 16 Ganito niya
ginagawa ang pagbabayad-sala para sa San-
tuwaryo dahil sa mga pagkadi-malinis ng mga
anak ng Israel at sa lahat nilang pagkakasala.
Ganito ang gagawin niya para sa Toldang Tag-
puan na nasa piling nila sa gitna ng kanilang
pagiging di-malinis. 17 Walang sinuman ang
dapat na nasa Toldang Tagpuan mula sa pag-
pasok ni Aaron para gumawa ng pagbabayad-
sala sa loob ng Santuwaryo hanggang sa pagla-
bas niya. Matapos gawin ang seremonya ng
pagbabayad-sala para sa kanyang sarili at sa
kanyang sambahayan at sa buong pamayanang
Israelita, 18 lalabas siya papunta sa altar na nasa
harap ni Yawe. At gagawin niya roon ang
pagbabayad-sala. Kukuha siya ng dugo ng toro
at ng kambing at ipapahid sa mga sungay ng
altar. 19 At sa kanyang daliri'y pitong beses itong
wiwisikan ng dugo. Kayat malilinis niya ito at
maaalis dito ang pagiging di-malinis ng mga
anak ng Israel.
20 Pagkatapos ng pagbabayad-sala sa San-
tuwaryo, sa Toldang Tagpuan at sa altar, da-
dalhin ni Aaron ang buhay na kambing. 21 Ipapa-
tong niya ang dalawa niyang kamay sa ulo nito,
aaminin dito ang lahat ng kasamaan ng mga
anak ng Israel at lahat nilang paghihimagsik sa
lahat nilang pagkakasala. At ipapatong ang
mga ito sa ulo ng barakong kambing, at itataboy
ito sa disyerto ng taong para rito. 22 Kayat ta-
taglayin ng barakong kambing ang lahat nilang
pagkakasala papunta sa ilang na lugar. At pa-
kakawalan ang kambing sa disyerto.
23 Saka papasok si Aaron sa Toldang Tag-
puan, at huhubarin ang mga damit na linen na
suot niya pagpasok sa Santuwaryo, at iiwan niya
roon ang mga ito. 24 At maliligo siya sa lugar na
sagrado at saka magbibihis.
Pagkatapos ay lalabas siya at iaalay ang
kanyang susunuging handog at ang sa bayan
bilang pagbabayad-sala para sa kanyang sarili
at sa bayan. 25 at susunugin din niya sa altar ang
taba ng hain para sa kasalanan.
26 Maliligo naman ang taong nagpaalpas sa
kambing na para kay Azazel at lalabhan niya
ang kanyang damit. Saka pa lamang siya
makapapasok sa kampo. 27 Tungkol naman sa
torong hain para sa kasalanan at ang barakong
kambing na inihain para sa kasalanan, at dinala
ang dugo sa Santuwaryo sa pagbabayad-sala:
ilalabas ng kampo ang mga ito para sunugin sa
apoy ang kanilang mga balat, karne at dumi.
28 Kailangang labhan ng magsusunog ng mga
iyon ang kanyang mga damit at maligo at saka
siya makapapasok sa kampo.
29 Isa itong panghabampanahong tuntunin
para sa inyo. Sa ikasampung araw ng ikapitong
buwan, mag-aayuno kayo at di magtatrabaho,
katutubo man o dayuhang nakikipamayan sa
inyo. 30 Araw ito ng pagbabayad-sala para sa
inyo kayat malilinis kayo, magiging malinis sa
lahat ng inyong kasalanan sa harap ni Yawe.
31 Magiging Dakilang Araw ng Pahinga ito para
sa inyo, kung kailan kayo mag-aayuno. Batas
itong panghabampanahon.
32 Ang paring pinahiran at itinalaga sa pag-
kapari bilang kahalili ng kanyang ama ang
siyang gagawa ng seremonya ng pagpapata-
wad. Magsusuot siya ng mga damit na linen na
mga sagradong damit, 33 at gagawin ang pag-
babayad-sala para sa Banal na Santuwaryo, sa

Toldang Tagpuan at sa altar, at para sa mga pari
at sa buong bayang nagkakatipon. 34 Magiging
panghabampanahong batas ito para sa inyo
tungkol sa seremonya ng pagbabayad-sala
para sa lahat ng kasalanan ng mga anak ng
Israel minsan isang taon."
At ginawa nga nila ang iniutos ni Yawe kay
Moises.

## *ANG BATAS NG KABANALAN*

17 • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Mag-
salita ka kay Aaron, sa kanyang mga
anak at sa sambayanan ng Israel, at sabihin mo
sa kanila: Ito ang iniutos ni Yawe. 3 Sinumang
taga-Israel na pumatay ng toro o tupa o kambing
maging sa loob ng kampo o sa labas nito, 4 na
hindi muna iyon dinadala sa may pintuan ng
Toldang Tagpuan para ialay kay Yawe sa harap
ng Tirahan ni Yawe ay mananagot sa dugo,
nagpadanak siya ng dugo kayat itatakwil sa
kanyang bayan. 5 Kaya dadalhin ng mga Is-
raelita sa pari ang mga iaalay nila sa parang;
dadalhin nila ang mga iyon kay Yawe sa may
pintuan ng Toldang Tagpuan at ihahandog kay
Yawe bilang hain sa mabuting pagsasamahan.
6 Ibubuhos ng pari ang dugo sa altar ni Yawe
sa may pintuan ng Toldang Tagpuan at susu-
nugin ang taba bilang amoy na kalugud-lugod
kay Yawe. 7 Hindi na nila iaalay ang kanilang
mga hain sa mga diyos na kambing at ipagbibili
ang sarili sa mga iyon. Mananatili magpa-
kailanman ang kautusang ito sa kanila at sa
kanilang mga inapo.

**Huwag kakain ng dugo**

8 Sabihin mo rin sa kanila: Kung may taga-
Israel o dayuhang nasa piling nila na mag-alay
ng susunuging handog o ng hain 9 at hindi niya
iyon dinala sa may pintuan ng Toldang Tagpuan
para ialay kay Yawe, hindi na siya mabubuhay
sa kanyang bayan.
10 At kung may Israelita o dayuhang nani-
nirahan sa piling nila na kumain ng dugo, haha-
rapin ko ang kumain ng dugo at aalisin siya sa
kanyang bayan. 11 Nasa dugo nga ang sigla ng
kinapal, kaya ko ito ipinalalagay sa inyo sa altar
para matubos ang inyong mga buhay; tinutubos
ng dugo ang tao. 12 Kaya sinabi ko sa mga
Israelita: Walang sinuman sa inyong kakain ng
dugo, pati ang dayuhang nasa piling ninyo.
13 Kung may Israelita o dayuhang nasa piling
ninyo na makahuli ng hayop o ng ibong maka-
kain, ibubuhos niya ang dugo niyon at tatabu-
nan ng lupa. 14 Nasa dugo nga ang sigla ng
kinapal, kaya sinabi ko sa mga Israelita: Huwag
kayong kakain ng dugo ng anumang kinapal
sapagkat nasa dugo ang sigla ng tanang kinapal
at aalisin ko ang sinumang kumain nito.
15 Kung may katutubo o dayuhang kumain ng
hayop na namatay o nilapa, siya ay magiging di-
malinis hanggang hapon at kailangan niyang
labhan ang kanyang mga damit at maligo, at
saka siya magiging malinis. 16 Kung hindi niya
lalabhan ang kanyang mga damit at maliligo,
tataglayin niya ang kasalanan."

**Ang "batas ng kabanalan"**

18 • 1 Kinausap ni Yawe si Moises, at
sinabi: 2 "Kausapin mo ang mga
anak ng Israel at sabihin sa kanila – Ako si
Yaweng Diyos ninyo. 3 Huwag ninyong
gagawin ang ginagawa sa lupain ng
Ehipto na pinanirahan ninyo, at huwag

---

• **17.1** Sa kabanatang ito nagsisimula ang tinatawag na *Batas ng Kabanalan*, o batas ng isang bayang nakatalaga sa Diyos.

Ang batas tungkol sa dugo ay paraan ng pagtuturo at pagkikintal sa diwa ng sagradong katangian ng buhay. Nasa 17:11 ang buod nito.

Gaya ng marami sa mga bayan nang unang panahon, naniniwala ang mga Hebreo na nasa dugo ang buhay. Kaya sagrado ang dugo kahit na ang dugo ng hayop, at sa Diyos lamang ito maiaalay (tingnan Gen 9:5). Kung hindi ito iniaalay sa altar, dapat itong ibuhos sa lupa pero hindi ito makakain.

Maging sa panahon ni Kristo, karimarimarim pa rin ang dugo para sa mga Judio. Kaya naman ilang taon ding ipinag-utos sa mga Kristiyanong taga-ibang bansa na igalang ang batas na ito para hindi maeskandalo ang kanilang mga kapatid na Judio (Mga Gawa 15).

Ipinaliliwanag mismo sa atin ng bersikulo 11 kung bakit pinili ni Kristo ang kamatayan sa pagbubuhos ng kanyang dugo. Sa tuwing mababasa nating "Iniligtas tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang dugo", dapat natin itong intindihin: "sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang buhay".

• **18.1** Ipinagpapatuloy ng *Batas ng Kabanalan* ang higit pang mga pagbabawal tungkol sa sex. Sa ngayo'y lipas nang mga paniwala ang tingin ng napakaraming tao sa pagbabawal na ito. Ngunit sa totoo'y pinagtitibay ng mga ito ang dignidad ng tao sa pagpapasailalim nila ng kanilang mga kapritso sa isang batas. Ang mga ito rin ang pinakaugat ng katapatan ng

ding gagawin ang ginagawa sa lupain ng
Kanaan na pagdadalhan ko sa inyo;
huwag kayong makikiisa sa kanilang mga
kaugalian. 4 Ang aking mga pasya ang
inyong gagawin at ang aking mga kau-
galian ang inyong tutuparin. Ako si Yawe.
5 Sundin ninyo ang aking mga kaugalian
at mga pasya, sapagkat sinumang sumu-
nod ay makasusumpong ng buhay. Ako si
Yawe.

6 Walang sinuman sa inyo ang maki-
kipagtalik sa kanyang kamag-anak. Ako
si Yawe. 7 Huwag makikipagtalik sa iyong
ama o ina, siya ay iyong ina, huwag maki-
kipagtalik sa kanya. 8 Huwag makikipag-
talik sa asawa ng iyong ama. Igalang mo
ang iyong ama. 9 Huwag makikipagtalik
sa iyong kapatid na babae, maging siya
ay anak ng iyong ama o ina, o ipinanga-
nak sa iyong bahay o saanman. 10 Huwag
makikipagtalik sa iyong apong babae,
kasiraang-puri mo iyon. 11 Huwag kang
makikipagtalik sa babaeng kapatid mo sa
ama, kapatid mo rin siya.

12 Huwag makikipagtalik sa iyong tiya,
maging siya ay kapatid ng iyong ama 13 o
kapatid ng iyong ina. 14 Huwag maki-
kipagtalik sa asawa ng iyong tiyo, tiya mo
rin siya. 15 Huwag makikipagtalik sa iyong
manugang na babae 16 o sa iyong hipag.

17 Huwag makikipagtalik sa isang babae
at sa kanyang anak na babae o sa kanyang
apong babae; magkakamag-anak sila,
kalapastanganan ang gayon.

18 Habang buhay pa ang iyong mayba-
hay, huwag mong kukuning asawa ang
kanyang kapatid na babae para maging
kaagaw niya.

19 Huwag makikipagtalik sa isang ba-
baeng may regla.

20 Huwag makikipagtalik sa maybahay
ng iyong kapwa, at dungisan ang iyong
sarili sa kanya.

21 Huwag ibigay ang sinuman sa iyong
mga anak para isakripisyo kay Molek, at
huwag lapastanganin ang pangalan ng
iyong Diyos. Ako si Yawe.

22 Huwag kang sisiping sa kapwa-
lalaki, gaya ng pagsiping sa isang babae;
kasuklam-suklam ito. 23 Huwag makiki-
pagtalik sa hayop; kasumpa-sumpa ito.

24 Huwag ninyong dungisan ang inyong
sarili sa alinman sa ganitong gawi sapag-
kat ganito dinungisan ng mga bansang
itinataboy ko sa harap ninyo ang kanilang
sarili. 25 Nadungisan kahit ang lupain kaya
dumating ako para singilin ito, at isinuka
nito ang mga nakatira rito.

26 Sundin ninyo ang aking mga kauga-
lian at mga pasya, at huwag gagawin ang
alinman sa mga kasuklam-suklam na

---

mag-asawa at ng pagrespeto sa isa't isa ng mga miyembro ng isang pamilya.

Gaya ng sinabi natin sa kabanata 15, hindi alam ng mga Kananeo ang mga saligang ito ng isang makataong kultura (*huwag n'yong gagawin ang ginagawa sa lupain ng Kanaan*). Ngunit nakita ng mga Israelita sa mga ito ang isang moral na obligasyon na lubhang kaugnay sa Tipan ni Yawe na gumawa sa kanila na maging isang bayang banal na kaiba sa lahat.

Sa paghahambing ng mga Israelita sa kasaysayan nila at ng mga Kananeo, nauunawaan na nila ang sasabihin nang malinaw ni Pablo sa mga susunod na panahon: "Kung may nagtatanim sa sariling laman, sa laman din siya mag-aani ng kabulukan" (Gal 6:8). Nakaaakit ang kalayaang sekswal hangga't hindi pa napapansin ng tao ang pagtanda ng kanyang puso at ang kasinungalingan ng kanyang pananalita. Sa antas ng lipunan, nangangahulugan ang kalayaang sekswal ng mag-asawang baog, mga taong hindi kayang maglaan ng sarili, at sa katagala'y ang kamatayan ng bayan.

*Huwag ibigay ang iyong anak para sunugin* (b. 21). Laganap din ito sa Kanaan. Kung saan mga likas na gawi ng tao ang naghahari, hindi iginagalang ang buhay. Ngunit ang bayan din naman ng Diyos ang siyang nakadiskubre sa halaga ng tao. Sapagkat maging sa pinakamagaling na mga grupo sa China noon ay nagkaroon ng kanibalismo. Sa karamihan sa mga bayan noong unang panahon, may karapatan ang ama na patayin ang bagong silang niyang anak. Hindi pa kasama rito ang pag-aalay ng mga tao bilang handog.

*Isusuka rin kayo* ng lupain (b. 28). Sa lupain ng Mga Pangako, kailangang mabuhay ang mga Israelita ayon sa mga batas ni Yawe. At kung hindi nila susundin ang mga ito'y mapapatapon sila. Isang tanda sa Biblia ang pananatiling ito sa lupang pangako. Tingnan lalo na ang Dt 8. Aalalahanin ito ni Pablo sa Gal 5:21.

bagay na ito, maging ang mga katutubo o
mga dayuhang nakikipamayan sa inyo.
27 Alalahanin ninyo ang mga taong gu-
mawa ng lahat ng ito, silang mga nauna
sa inyo sa mga lupaing ito na nadungisan.
28 Kung dudungisan ninyo ang lupain,
isusuka rin kayo nito tulad ng ginawa nito
sa mga bansang nauna sa inyo. 29 Sinu-
mang gumawa ng alinman sa mga ka-
suklam-suklam na bagay na ito ay hindi
na mabubuhay sa kanyang bayan. 30 Sun-
din ninyo ang aking mga kautusan, at
huwag makiisa sa alinman sa mga ka-
suklam-suklam na kaugaliang ginawa ng
mga nauna sa inyo, upang hindi ninyo
madungisan ang inyong sarili sa kanila.
Ako si Yaweng Diyos ninyo.

**19** 1 Kinausap ni Yawe si Moises, at sinabi:
2 "Magsalita ka sa buong pamayanan ng
mga anak ng Israel at sabihin sa kanila – Magpa-
kabanal kayo sapagkat akong si Yaweng Diyos
ninyo ay banal.
3 Dapat igalang ng bawat isa sa inyo ang
kanyang ina at ama; at igalang ninyo ang aking
mga araw ng pahinga; ako si Yaweng Diyos
ninyo.
4 Huwag kayong dudulog sa mga diyus-
diyusan o igagawa ang inyong sarili ng mga
diyos na tinunaw na metal; ako si Yaweng Diyos
ninyo.
5 Kapag nag-aalay kayo kay Yawe ng handog
sa mabuting pagsasamahan, ialay ninyo ito
upang maging kalugud-lugod kayo. 6 Kakanin
iyon sa araw na inialay ninyo o sa susunod na
araw. At kailangang sunugin ang anumang
matitira sa ikatlong araw. 7 Kung kakainin iyon
sa ikatlong araw, iyon ay di-malinis at hindi na
kalugud-lugod. 8 Pagbabayaran ng sinumang
kumain niyon ang kanyang kasalanan, sapag-
kat nilapastangan niya ang isang bagay na
banal kay Yawe at hindi na mabubuhay ang
taong ito sa kanyang bayan.

**Pagpapakatao sa araw-araw**

• 9 Sa paggapas mo ng ani sa iyong
lupain, huwag mong gagapasin hanggang
sa pinakadulo ng iyong bukirin o simutin pa
ang mga pinaggapasan. 10 Huwag mong
sisimutin ang naiwang bunga sa iyong
ubasan ni pupulutin ang mga nalaglag na
ubas; pabayaan mo na ang mga iyon sa mga
dukha at sa mga dayuhan. Ako si Yaweng
Diyos mo.
11 Huwag kayong magnanakaw o mag-
sisinungaling o manlilinlang sa isa't isa.
12 Huwag kayong manunumpa nang
walang katotohanan sa aking Pangalan,
kalapastanganan iyon sa pangalan ng
iyong Diyos; ako si Yawe.
13 Huwag mong aapihin ang iyong
kapwa o pagnanakawan iyon. Hindi mai-
iwan sa iyo hanggang sa susunod na araw
ang suweldo ng arawang trabahador.
14 Huwag mong alimurahin ang bingi o
lagyan ng katitisuran ang daan ng bulag,
kundi magkaroong-pitagan sa inyong
Diyos; ako si Yawe.
15 Huwag mong baluktutin ang kataru-
ngan; huwag mong kikilingan ang dukha
o yuyukuan ang malakas, maging maka-
tarungan ka sa paghatol sa iyong kapwa.

---

• **19.**9 Sa napakaraming batas na nagpapakita sa napakasinauna pang kalagayan ng bayan ng Diyos, namamangha tayo sa pagkakita natin dito ng mga kautusang nagtuturo ng mga saloobing tungo sa pagpapakatao na kadalasa'y kulang sa atin.

Kailangang bigyang-interpretasyon ang mga kautusang ito na ibinibigay sa isang bayan ng maliliit na magbubukid para maiakma sa kasalukuyang kalagayan ng ating buhay.

Itinuturo sa atin ng mga ito na hindi lubusan at walang hangganan ang "karapatan sa pag-aari". At hinding-hindi ito maikakatwiran sa pang-aapi sa mga dukha o maidadahilan kaya para hindi sila tulungan. Iniaatas ang pagbibigay-atensyon sa ating mga kapatid para siguraduhing meron ang bawat isa ng kanyang kinakailangan para mabuhay.

*Huwag kang maghiganti ngunit mahalin mo ang iyong kapwa tulad sa iyong sarili*. Kalahi ang tinutukoy rito ng *kapwa*. Kailangan siyang mahalin at makipag-isa sa kanya sapagkat niyayakap ng Diyos sa iisang pag-ibig ang lahat ng miyembro ng kanyang bayan.

Nasa lahat ng relihiyon ang ganitong pakikipag-isa sa kababayan pero meron pa ring pagkamabalasik o pagkagalit sa dayuhan. Kapag nagsasalita si Jesus sa atin tungkol sa pagmamahal na hindi humihinto sa mga hangganan ng isang bayan (Lc 10:25; Mt 5:43), hindi ito simpleng pagpapalawak ng salitang "kapwa": ito'y pagdiskubre ng isa pang relasyon na lampas sa pakikipag-isa na likas na ginagawa ng mga tao gayundin ng ilang hayop.

16 Huwag mong siraan ang iyong kababayan, at huwag hangarin ang kamatayan ng iyong kapwa; ako si Yawe. 17 Huwag kang magtanim ng galit sa iyong puso laban sa iyong kapatid; tahasan mo siyang pangaralan upang hindi makihati sa kanyang kasalanan.

18 Huwag kayong maghiganti o magtanim ng sama ng loob sa inyong kababayan, kundi mahalin ninyo ang inyong kapwa tulad ng inyong sarili; ako si Yawe.

• 19 Sundin ninyo ang aking mga kaugalian. Huwag mong palalahian ang iyong mga hayop sa hindi nito kauri. Huwag mong hahasikan ang iyong bukid ng dalawang klase ng binhi, at huwag magsusuot ng damit na yari sa dalawang magkaibang tela.

20 Kung makipagtalik ang isang lalaki sa isang aliping babaeng katipan ng ibang lalaki, at hindi pa ito natutubos o nabibigyang-kalayaan, magkakaroon ng kaparusahan. Ngunit hindi sila papatayin, sapagkat hindi pa malaya ang babae, 21 subalit magdadala ang lalaki ng isang barakong tupa sa pintuan ng Toldang Tagpuan bilang hain para sa utang kay Yawe para sa kanya. 22 Isasagawa ng pari sa harap ni Yawe ang pagbabayad-sala para sa kanya sa barakong tupang hain para sa utang, at patatawarin ang nagawa niyang kasalanan.

23 Kapag nakapasok na kayo sa lupain at nakapagtanim na ng lahat ng uri ng punong nagbubunga, ituring ninyong di-malinis ang mga bunga sa loob ng tatlong taon, at hindi dapat kainin. 24 Sa ikapat na taon, magiging banal ang lahat ng bunga, isang handog ng papuri kay Yawe. 25 Ngunit sa ikalimang taon, makakain na ninyo ang bunga, upang dumami ang bunga nito para sa inyo. Ako si Yaweng Diyos ninyo.

26 Huwag kayong kakain ng anuman sa ibabaw ng dugo, at huwag manghuhula o gagawa ng astrolohiya. 27 Huwag kayong magpapagupit nang gupit-bao, o kortehan ang inyong balbas. 28 Huwag ninyong hihiwaan ang inyong katawan para sa mga patay o tatatuan ang inyong sarili. Ako si Yawe.

29 Huwag mong lapastanganin ang iyong anak na babae sa pagtutulak sa kanya na maging babaeng bayaran, kung hindi'y magpapabayad din sa iba ang lupain at mapupuno ng kasamaan. 30 Ipangilin ninyo ang aking mga Araw ng Pahinga, at igalang ang aking Santuwaryo. Ako si Yawe.

31 Huwag kayong sasangguni sa mga midyum o espiritista sapagkat madudungisan nila kayo. Ako si Yaweng Diyos ninyo.

32 Tumayo ka sa harap ng matatanda, at igalang sila; pagpipitagan ito sa iyong Diyos. Ako si Yawe.

33 Sa pakikipamayan sa iyo ng isang dayuhan sa iyong lupain, huwag mo siyang aapihin. 34 Ituring ninyo siyang isa sa mga katutubong kasama ninyo. Mahalin mo siya tulad ng iyong sarili sapagkat kayo ay naging dayuhan din sa lupain ng Ehipto. Ako si Yaweng Diyos mo.

35 Huwag kayong magkakamali sa paghatol o sa pagsukat o pagtimbang o pagtakal. 36 Gumamit kayo ng mga timbangang husto sa timbang, panukat na husto sa sukat at takalang husto sa takal. Ako si Yaweng Diyos ninyo na naglabas sa inyo mula sa lupain ng Ehipto.

37 Sundin ninyo ang lahat ng aking pasya at lahat ng aking kaugalian, at isabuhay ang mga ito. Ako si Yawe."

### Ilang batas sa pagpaparusa

**20** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Sabihin mo sa mga Israelita: Kung may Israelita o dayuhang naninirahan sa Israel na magbigay ng kanyang anak sa Molek, siya'y papatayin. Babatuhin siya ng mga taumbayan. 3 Haharapin ko rin ang taong iyon at aalisin ko siya sa kanyang bayan dahil sa pagbibigay niya ng kanyang supling sa Molek; dinungisan niya ang aking santuwaryo at nilapastangan ang aking banal na Pangalan.

---

• 19. Ipinagbabawal din ang iba't ibang kaugaliang katutubo sa mga paganong relihiyon. Bawal din ang mga espiritista at mga manghuhula, gaya ng nasa Dt 18:10.

*Ituring ninyo ang dayuhan na isa sa mga katutubong kasama ninyo.* Mapapansing kasama ng pagbabawal na makipamuhay sa mga paganong dayuhan, laging iniuutos ng Biblia ang pagrespeto sa dayuhang nakatira sa Israel. Gaya ng biyuda, ng ulila at ng dukha, pinakamahina rin ang dayuhan at kailangan siyang pagsanggalang.

• **20.**1 Iniisa-isa ng kabanatang ito ang mga parusa para sa naunang mga pagkakamali. May ilang kasong katarungan ng tao ang nagpaparusa. Sa iba nama'y may banta ng sumpa ng Diyos.

Tungkol sa mga tungkulin at pribilehiyo ng mga pari ang mga kabanata 21 at 22. Maaaring waring pawang panlabas lamang para sa atin ang lahat ng detalyeng ito at walang kinalaman sa tunay na kabanalang hinihingi ng tungkulin ng pari. Ngunit nagsisilbing aral nang panahong iyon ang mga kautusang ito at itinuturo pa rin ng mga ito sa atin kung gaano kabanal ang paglilingkod sa Panginoon.

4 Kahit na pagtakpan siya ng mga taumbayan
at ayaw nilang makita ang pagbibigay niya ng
kanyang supling sa Molek, at hindi nila siya
patayin, 5 ako ang haharap sa kanya at sa buo
niyang sambahayan. Aalisin ko siya sa kanyang
bayan pati ang lahat ng sumunod sa kanya at
nagbili ng sarili sa pagsunod sa Molek. 6 Kung
may lalapit sa mga espiritista at mga mang-
huhula at magbibili ng sarili kasama nila, haha-
rapin ko siya at aalisin sa kanyang bayan.

7 Magpakabanal kayo at maging banal sa-
pagkat ako si Yaweng inyong Diyos. 8 Tuparin
ninyo ang aking mga kautusan at isabuhay
sapagkat akong si Yawe ang nagpapabanal sa
inyo.

9 Patayin ang sinumang manumpa sa kan-
yang ama o ina; dahil sa pagsumpa niya sa
kanyang ama o ina, siya ang mananagot sa
kanyang kamatayan. 10 Kung may lalaking ma-
kiapid sa asawa ng kanyang kapwa, papatayin
ang nakiapid pati ang babaeng nakiapid.
11 Kung may sumiping sa asawa ng kanyang
ama, inilantad niya ang kahubaran ng kanyang
ama; papatayin ang sumiping pati ang babae,
sila ang mananagot sa kanilang kamatayan.
12 Kung may alaking sumiping sa kanyang ma-
nugang na babae, papatayin silang dalawa; na-
kagawa sila ng karumal-dumal na pagkakasala
kaya sila ang mananagot sa kanilang kamata-
yan.

13 Kung may lalaking sumiping sa kapwa
lalaki gaya ng pagsiping sa babae, nakagawa
silang dalawa ng kasuklam-suklam na bagay;
papatayin sila at sila ang mananagot sa kani-
lang kamatayan. 14 Kung may lalaking kumuha
sa isang babae at sa ina nito, ito ay kabuktutan.
Susunugin siya kasama nila at wala nang ka-
buktutan sa piling ninyo.

15 Kung may lalaking makipagtalik sa isang
hayop, papatayin siya pati ang hayop. 16 Kung
may babaeng lumapit sa isang hayop para
makipagtalik, papatayin siya pati ang hayop.
Papatayin sila at sila lamang ang mananagot sa
kanilang kamatayan.

17 Kung may lalaking kumuha sa kanyang
kapatid na babae na anak ng kanyang ama o
ina, at ilantad niya ang kahubaran nito at nito
ang kahubaran niya, ito ay kabuktutan. Hindi na
sila mabubuhay sa kanilang bayan. Mananagot
sa sariling kamatayan ang naglantad sa kahu-
baran ng kanyang kapatid na babae.

18 Kung may lalaking sumiping sa isang ba-
baeng may regla, inilantad niya ang bukal ng
dugo nito sa paglalantad niya sa kahubaran nito,
pati na ng babae. Kaya aalisin sila sa kanilang
bayan. 19 Huwag mong ilantad ang kahubaran
ng kapatid na babae ng iyong ina o ama; gaya ito
ng paglalantad sa kahubaran ng mga ito; kapwa
ninyo pananagutan ang inyong kasalanan.
20 Kung may lalaking sumiping sa kanyang tiya,
inilantad nito ang kahubaran ng kanyang tiyo.
Mananagot sila sa kanilang kasalanan; mama-
matay silang walang anak. 21 May karumal-
dumal na kasalanan ang kumuha sa asawa ng
kanyang kapatid na lalaki; inilantad niya ang
kahubaran ng kapatid na lalaki; hindi sila mag-
kakaanak.

22 Tuparin ninyo ang lahat ng aking batas at
kautusan at isabuhay, at baka kayo isuka ng
lupaing pagdadalhan ko sa inyo upang doon
manahan. 23 Kaya huwag kayong mamuhay
ayon sa mga pag-uugali ng bansang itinataboy
ko sa harap ninyo sapagkat ginawa nila ang
lahat ng ito at nasuklam ako sa kanila. 24 Kaya
sinabi ko sa inyo: Mapapasainyo ang kanilang
lupaing ibinibigay ko sa inyo bilang pamana,
isang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot-
pukyutan.

Ako si Yaweng inyong Diyos ang siyang
nagbukod sa inyo sa ibang mga bansa, 25 kaya
dapat din ninyong ibukod ang mga hayop na
malinis sa mga di-malinis, at ang mga ibong
malinis sa di-malinis, at huwag madungisan ng
alinmang hayop o ibon o ng anumang gumaga-
pang na kinapal sa lupa sapagkat ibinukod ko
kayo sa mga ito. 26 Maging banal kayo sa akin
sapagkat banal ako, si Yawe, at ibinukod ko
kayo sa ibang mga bansa upang maging akin.

27 Patayin ang sinumang lalaki o babaeng
espiritista o manghuhula. Babatuhin ang mga
ito at sila ang mananagot sa kanilang kama-
tayan."

**21** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Magsa-
lita ka sa mga paring anak ni Aaron at
sabihin sa kanila: Huwag ninyong gawing di-
malinis ang sarili sa bangkay ng inyong mga
kababayan, 2 maliban sa malapit na kamag-
anak: sa ina o ama, sa anak na lalaki o babae, o
kapatid na lalaki. 3 Puwede rin kayong maging
di-malinis nang dahil sa kapatid na babae na
dalaga at walang asawa, at sa inyo umaasa.
4 Hindi dapat maging di-malinis ang pari dahil sa
kamag-anakan ng kanyang asawa, at dungisan
ang kanyang sarili.

5 Hindi ipaaahit ng pari ang kanyang ulo, ni
gugupitin ang dulo ng kanyang balbas, o susu-
gatan ang katawan. 6 Magiging banal sila sa
kanilang Diyos, at hindi lalapastanganin ang pa-
ngalan ng kanilang Diyos; sila nga ang nag-aalay
ng susunuging handog kay Yawe na pagkain ng
kanilang Diyos kaya magiging banal sila.

7 Hindi sila mag-aasawa ng babaeng bayaran o ginahasa o hiniwalayan ng asawa; sapagkat banal na siya sa kanyang Diyos. 8 Ituring mo siyang banal sapagkat siya ang nag-aalay ng pagkain ng iyong Diyos. Ituring mo siyang banal dahil banal ako, si Yaweng nagpapabanal sa inyo.

9 Kung anak na dalaga ng pari ang maging babaeng bayaran at lapastanganin ang sarili, nilapastangan din ang kanyang ama, kaya susunugin siya.

10 Pagkasuot sa katangi-tanging mga damit, ang pinakadakila sa mga pari, na ang ulo ay binuhusan ng langis na pamahid, hindi niya ilulugay ang buhok o pupunitin ang kanyang damit. 11 Hindi siya lalapit sa anumang bangkay at maging di-malinis kahit na dahil sa kanyang ama o ina. 12 Hindi siya lalabas ng santuwaryo ng kanyang Diyos at lalapastanganin iyon, sapagkat nasa kanya ang langis na pamahid ng kanyang Diyos na nagbukod sa kanya. Ako si Yawe.

13 Birheng babae ang dapat na maging asawa niya. 14 Hindi isang biyuda o babaeng hiniwalayan o ginahasa o babaeng bayaran kundi isang birheng mula sa sariling angkan. 15 Huwag niyang lapastanganin ang kanyang lahi sa gitna ng kanyang sambayanan sapagkat akong si Yawe ang nagpapabanal sa kanya."

16 Nagsalita si Yawe kay Moses: 17 "Sabihin mo kay Aaron: Walang sinuman sa iyong mga inapong may kapansanan sa alinmang salinlahing darating ang makapaglilingkod. Hindi siya lalapit para mag-alay ng pagkain ng kanyang Diyos. 18 Walang sinumang may kapansanan ang makalalapit: bulag o pilay o may kulang sa katawan o may bahaging masama ang anyo 19 o may bali sa paa o kamay, 20 o kuba o unano o may pilak sa mata, o may eksema o buni o nadurog na itlog.

21 Hindi maiaalay ng sinumang may kapansanang inapo ni Aarong pari ang susunuging handog. Huwag lalapit para mag-alay ng pagkain ng kanyang Diyos ang may kapansanan. 22 Makakakain siya ng mga banal o kabanal-banalang bagay na pagkain ng kanyang Diyos. 23 Ngunit hindi siya makapapasok sa kurtina at lalapit sa altar dahil sa kanyang kapansanan. Huwag niyang lapastanganin ang aking mga santuwaryo, sapagkat akong si Yawe ang siyang nagpapabanal sa mga iyon."

24 Kaya kinausap ni Moises si Aaron at ang mga anak nito at ang lahat ng Israelita.

## 22

1 Nagsalita si Yawe kay Moises: 2 "Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang mga anak ang tungkol sa pangingilag sa mga banal na handog na itinalaga sa akin ng mga Israelita upang di nila malapastangan ang aking banal na Pangalan. Ako si Yawe.

3 Sabihin mo sa kanila: Aalisin sa harap ko ang sinuman sa inyong inapo sa mga susunod na salinlahi na di-malinis na lumalapit sa mga banal na handog na itinalaga kay Yawe ng mga Israelita. Ako si Yawe.

4 Hindi makakakain ng mga banal na handog na ito ang sinumang may ketong o may tulong inapo ni Aaron hanggang hindi siya nalilinis. Gayundin naman ang sinumang humipo sa taong naging di-malinis dahil sa paghipo sa isang bangkay, o dahil nilabasan 5 o humipo sa alinmang kinapal na gumagapang o nagawang di-malinis ng taong di-malinis dahil sa kahit anumang dahilan. 6 Ang sinumang humipo sa mga bagay na iyon ay magiging di-malinis hanggang hapon at hindi maaaring kumain ng mga bagay na banal hanggang hindi siya naliligo. 7 Magiging malinis siya paglubog ng araw at makakakain ng mga banal na handog na kanyang pagkain.

8 Hindi siya kakain ng anumang hayop na namatay o nilapa, at maging di-malinis dahil dito. Ako si Yawe.

9 Tutuparin nila ang aking mga tuntunin at huwag silang magkasala sa bagay na ito, at baka mamatay sila sa kanilang paglapastangan. Ako si Yaweng nagpapabanal sa kanila.

10 Hindi makakakain ng bagay na banal ang tagalabas; hindi makakakain ang nakikituloy sa pari, o ang utusan niya. 11 Ngunit makakakain ang aliping binili ng pari o ipinanganak sa kanyang bahay: makakakain sila ng kanyang pagkain.

12 Hindi naman makakakain sa mga banal na handog ang anak na dalaga ng pari na nag-asawa sa di-pari. 13 Subalit kung bumalik ang anak na babae ng pari sa bahay ng kanyang ama dahil nabiyuda o hiniwalayan at walang anak, makakakain siya ng pagkain ng kanyang ama gaya noong kabataan niya. Pero wala pa ring tagalabas na makakakain. 14 Kung may di-sinasadyang nakakain ng banal na handog, ibibigay niya sa pari ang banal na handog na may dagdag na ikalimang bahagi ng halaga. 15 Huwag nilang lapastanganin ang mga banal na bagay na abuloy ng mga Israelita kay Yawe, 16 at huwag pabayaang magkasala ang mga ito sa pagkain ng banal na handog sapagkat sila

ang parurusahan. Ako si Yawe na siyang nagpa-
pabanal ng mga bagay na iyon."

17 Sinabi ni Yawe kay Moises: 18 "Magsalita ka
kay Aaron at sa kanyang mga anak at sa lahat
ng Israelita, at sabihin sa kanila: Kung may
panata o kusang-loob na handog kay Yawe ang
sinuman sa sambahayan ng Israel o sa mga
dayuhan sa Israel, at gusto niyang ialay ang
handog bilang susunuging handog, 19 walang
kapintasang lalaking baka, tupa o kambing
lamang ang magiging kalugud-lugod. 20 Huwag
kayong mag-aalay ng isang may kapintasan;
hindi nga ito tatanggapin mula sa inyo.

21 Kung may panata o isang kusang-loob na
handog ang isang tao at gusto niyang maghan-
dog kay Yawe ng hain sa mabuting pagsa-
samahan mula sa bakahan o sa kawan, ang
walang kapintasan at walang bahid na hayop
lamang ang magiging kalugud-lugod. 22 Huwag
ninyong ialay kay Yawe ang bulag o pilay o may
hiwa o sugat o galis o kurikong. Huwag ninyong
ilagay sa altar ang mga ito bilang handog na
pinadaan sa apoy kay Yawe. 23 Maiaalay mo
bilang kusang-loob na handog ang baka o tupa
na may labis o kulang na bahagi sa katawan
ngunit hindi iyon matatanggap bilang pagtupad
sa panata. 24 Huwag ninyong ialay kay Yawe ang
hayop na nabugbog o nadurog o naalis o naputol
ang mga itlog. Huwag ninyo itong gawin sa
inyong lupain. 25 Huwag ninyong tatanggapin
mula sa dayuhan ang paghahandog ng gayong
mga hayop bilang pagkain ng inyong Diyos.
Kapintasan nga ang kakulangan ng bahagi sa
katawan ng mga ito at hindi na magiging kalu-
gud-lugod mula sa inyo."

26 Sinabi ni Yawe kay Moises: 27 "Kapag may
ipinanganak na baka o tupa o kambing, pitong
araw itong mapapasakanyang-ina, at mula
lamang sa ikawalong araw saka ito mata-
tanggap bilang handog na pinadaan sa apoy kay
Yawe. 28 Hindi parehong kakatayin sa iisang
araw ang mag-inang baka o tupa.

29 Sa pag-aalay ninyo kay Yawe ng hain ng
pasasalamat, pag-ingatan ninyong maging ka-
lugud-lugod kayo; 30 kanin ninyo ito sa araw na
iyon; wala kayong ititira dito para sa susunod na
araw. Ako si Yawe. 31 Kaya tuparin ninyo at
isabuhay ang aking mga utos. Ako si Yawe.

32 Huwag ninyong lapastanganin ang aking
banal na Pangalan, at kikilalanin akong banal sa
mga anak ng Israel. Ako nga si Yaweng nag-
papabanal sa inyo 33 at naglabas sa inyo mula sa
lupain ng Ehipto upang maging Diyos ninyo.
Ako si Yawe.

**Mga taunang piyesta**

**23** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Mag-
salita ka sa mga anak ng Israel, at
sabihin sa kanila: Tatawag kayo ng mga banal
na pagtitipon sa mga takdang piyesta ni Yawe.
Narito ang aking mga piyesta –

3 Pagkatapos ng anim na araw na trabaho,
Araw ng ganap na Pahinga ang ikapitong araw,
araw ng banal na pagtitipon, at hindi kayo
gagawa ng anumang trabaho: ito ay araw ng
pahinga kay Yawe sa lahat ng inyong bahay.

4 At ito naman ang mga takdang piyesta ni
Yawe sa pagpapahayag ninyo ng mga banal na
pagtitipon sa takdang panahon:

5 Sa pagtatakipsilim sa ikalabing-apat na
araw ng unang buwan – ang Paskuwa ni Yawe.
6 At sa ikalabinlimang araw naman ng buwang
iyon ang Piyesta ng Tinapay na Walang Leba-
dura sa karangalan ni Yawe. Tinapay na walang
lebadura ang kakanin ninyo sa loob ng pitong
araw.

7 Magkakaroon ng banal na pagtitipon sa
unang araw at walang sinumang magtatrabaho.
8 Mag-aalay kayo ng sinunog na handog kay
Yawe sa loob ng pitong araw, at magkakaroon
kayo ng banal na pagtitipon sa ikapitong araw at
walang sinumang magtatrabaho."

---

• **23.**1 Tinatalakay dito ang mga piyesta o "mga araw" ni Yawe. Nagtitipon ang bayan ng Diyos hindi lamang para ipagdiwang ang kanilang mga tuwa at lungkot: ang Diyos ang siyang tumatawag sa kanila para sa *kanyang* mga piyesta sa pamamagitan ng mga responsable sa kanyang Iglesya (alalahanin nating *ipinatawag na Pagtitipon* ang ibig sabihin ng *Iglesya*).

Ang araw ng lingguhang pahinga (*pahinga* ang ibig sabihin ng *sabbat* o *sabado* sa Hebreo) ang pinaka-una sa mga sagradong pakikipagtagpong ito sa Diyos (b. 3).

At pagkatapos nama'y ang tatlong malalaking piyesta ng Israel:

– Ang Sanlinggo ng Mga Tinapay na Walang Lebadura na nagsisimula sa Paskuwa at gumugunita sa Paglabas mula sa Ehipto (9-14).

– Ang Piyesta ng Pitong Sanlinggo o ng Pentekostes (na *Ikalimampung Araw* ang kahulugan) na kaugnay ng pag-alaala sa Batas na ibinigay sa Sinai (15-21).

– Ang Piyesta ng Mga Kubol o mga tolda bilang pag-alaala sa mga taon sa disyerto (33-44).

Ang taunang Araw ng Pagbabayad-sala para humingi ng tawad para sa mga kasalanan ng bayan (26-32) ay ipinagdiriwang kasabay ng Bagong Taon sa loob ng ilang panahon, o kaya'y sa Piyesta ng Mga Kubol bago ito itinakda sa isang espesyal na araw.

**Pag-aalay sa unang uhay**

• 9 Kinausap ni Yawe si Moises, at sinabi:
10 "Kausapin mo ang mga anak ng Israel, at
sabihin sa kanila: Pagpasok ninyo sa lu-
paing ibibigay ko sa inyo at ginagapas na
ang ani nito, dadalhin ninyo sa pari ang
isang bigkis, ang mga unang bunga ng
inyong ani, 11 at paindayog niyang iha-
handog iyon sa harap ni Yawe upang
maging kalugud-lugod kayo; ihahandog
iyon ng pari kinabukasan ng Araw ng
Pahinga.

12 Sa araw na ihandog ninyo ang bigkis
ng ani, mag-aalay kayo ng korderong
walang kapintasan at isinilang nang taong
iyon bilang sinunog na handog kay Yawe.

13 At kasama nito ang handog na butil na
dalawang ikapung takal ng pinong harina
na may halong langis – handog na pinaraan
sa apoy para kay Yawe, at masarap ang
amoy – at handog na inumin na isang litrong
alak. 14 Huwag kayong kakain ng tinapay o
butil na sinangag man o bagong ani hang-
gang sa araw na madala ninyo ang alay sa
inyong Diyos. Ito ay kautusang pang-
habampanahon para sa lahat ng salinlahi
sa buong bayan ninyo.

**Ang Pentekostes**

15 Bibilang kayo ng pitong sanlinggo mata-
pos ang Araw ng Pahinga nang magdala kayo ng
mga uhay na inihandog na paindayog. 16 At sa
susunod na araw pagkaraan ng ikapitong
sanlinggo, sa ikalimampung araw, mag-aalay
kayo kay Yawe ng bagong pagkaing handog.
17 Magdadala kayo mula sa inyong mga tirahan
ng dalawang tinapay na gawa sa tigalwang
ikapu ng efa na pinong harina at nilutong may
lebadura para ihandog na paindayog. Unang
bunga para kay Yawe ang mga ito. 18 Bukod sa
tinapay, mag-aalay rin kayo ng pitong batang
tupang walang kapintasan na tig-isang taong
gulang, isang toro, at dalawang barakong tupa.
At iaalay ang mga ito bilang susunuging handog
na may kasamang butil na handog at mga
inuming handog. At ito'y magiging handog na
pinadaan sa apoy, amoy na kalugud-lugod kay
Yawe.

19 Mag-aalay rin kayo ng isang barakong
kambing bilang hain para sa kasalanan, at ng
dalawang tupang tig-isang taong gulang bilang
hain sa mabuting pagsasamahan. 20 Iiindayog
ng pari sa harap ni Yawe ang mga ito pati ang
tinapay at ang dalawang batang tupa. Magiging
banal kay Yawe ang mga ito, at mapapasapari.
21 Idedeklara ninyo sa araw ding iyon ang isang
pagtitipon at magkakaroon kayo ng isang banal
na kapulungan. Huwag kayong gagawa ng
anumang trabaho ng manggagawa. Ito'y magi-
ging isang palagiang kaugalian sa inyo sa lahat
ng salinlahi saanman kayo manirahan.

22 Sa paggapas ng ani sa inyong lupain, huwag
ninyong sairin hanggang sa pinakagilid ng bukid,
ni pulutin ang mga nalaglag na trigo. Iwan mo sa
dukha at sa dayuhan ang mga ito. Ako si Yaweng
inyong Diyos."

23 Nagsalita si Yawe kay Moises: 24 "Sabihin
mo sa mga Israelita: Sa unang araw ng ikapitong
buwan, ipagdiriwang ninyo ang Dakilang Araw
ng Pahinga sa tunog ng trumpeta at banal na
kapulungan. 25 Huwag kayong gagawa ng
anumang trabaho ng manggagawa. At mag-
aalay kayo kay Yawe ng isang handog na pina-
daan sa apoy."

26 Nagsalita si Yawe kay Moises: 27 "Sa ika-
sampung araw naman ng buwang ito ninyo
ipagdiriwang ang Pagpapatawad. Magkakaroon
kayo ng banal na pagtitipon, magsasakripisyo
kayo at mag-aalay kay Yawe ng isang handog
na pinadaan sa apoy. 28 Huwag kayong gagawa
ng anumang trabaho ng manggagawa sa araw

---

• 9. Binibigyang-pansin natin ang pag-aalay ng unang uhay na ginagawa sa Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura na siyang simula ng panahon ng anihan.

Hindi nangangailangan ng anuman ang Diyos. Kung may hinihingi man siya sa atin, ito ay dahilan sa kailangan nating magbigay mula sa ating sarili para maging mga tunay na tao. Walang piyesta ni pinag-sasaluhang ligaya ni pusong napagiginhawa kung walang anumang iniaalay.

Ang *ikapu* o ikapung bahagi ng mga bungang inialay sa Diyos at pagkain ng mga Levita at ng mga dukha ay kayamanang espirituwal para sa bayan ng Biblia.

Sa maraming iglesya o mga grupong Kristiyano, ibinibigay ng mga miyembro ng pamayanan ang ikapu ng kanilang kita: walang sinuman, maging sa mahihirap na bansa, ang naging mas mahirap.

Ang unang uhay na iniaalay sa Diyos ay nanga-ngahulugan din ng unang minuto ng maghapong trabaho na ibinibigay sa kanya, ng unang bawas sa sambuwan na ginagawa para tulungan ang kasama-hang nangangailangan, ng unang sandali ng pahinga na magkasamang ibinibigay ng mag-asawa sa Pangi-noon, ng pakikipagtulungan ng bawat mananam-palataya sa kanyang Iglesya para maging malaya ito sa harap ng mga makapangyarihan.

na ito sapagkat ito'y Araw ng Pagpapatawad upang humingi ng tawad sa harap ni Yaweng inyong Diyos.

29 Aalisin sa kanyang angkan ang sinumang di magsakripisyo sa araw na ito, 30 at lilipulin ko sa kanyang bayan ang sinumang gumawa sa araw na iyon. 31 Huwag kayong gagawa ng anumang trabaho, isa itong kautusang panghabampanahon sa inyong mga salinlahi saanman kayo manahan. 32 Magiging isang Dakilang Araw ng Pahinga ito sa inyo; magsasakripisyo kayo mula sa hapon ng ikasiyam na araw ng buwan hanggang sa susunod na hapon, at magpapahinga sa pahingang ito."

33 Nagsalita si Yawe kay Moises: 34 "Sabihin mo sa mga Israelita: Sa ikalabinlimang araw ng buwang ito, pitong araw ninyong ipagdiriwang kay Yawe ang Piyesta ng mga Kubol. 35 Magkakaroon kayo ng banal na pagtitipon sa unang araw, at huwag kayong gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa. 36 Pitong araw kayong mag-aalay ng handog na pinadaan sa apoy kay Yawe, at sa ikawalong araw ay magkakaroon kayo ng isang banal na pagtitipon at mag-aalay ng handog na pinadaan sa apoy kay Yawe. May pagtitipon kayo, kaya huwag kayong gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa.

37 Ito nga ang mga piyesta ni Yawe na ipagdiriwang ninyo sa mga banal na pagtitipon para mag-alay kay Yawe ng handog na pinadaan sa apoy, ng susunuging handog at handog na butil, ng hain, at mga inuming handog, gaya ng nababagay sa bawat araw.

38 Bukod pa ang mga iyon sa mga Araw ng Pahinga ni Yawe, sa inyong mga kaloob, mga panata, mga kusang-loob na handog na inaalay ninyo kay Yawe.

39 Sa ikalabinlimang araw naman ng ikapitong buwan, sa pag-iipon ng mga bunga ng bukid, pitong araw ninyong ipagdiriwang ang piyesta ni Yawe. Magiging Dakilang Araw ng Pahinga ang una at ikawalong araw. 40 Manguguha kayo sa unang araw ng mga bunga ng limon, ng mga palma, ng mga sanga ng malalagong punungkahoy at ng mga tibig sa labi ng batis, at pitong araw kayong magagalak sa harap ni Yaweng inyong Diyos. 41 Pitong araw ninyong ipagdiriwang taun-taon ang piyestang ito kay Yawe. Panghabampanahong kautusan ito. Ipagdiriwang ninyo ito sa ikapitong buwan ng taon. 42 Sa mga kubol kayo maninirahan sa loob ng pitong araw. Sa mga kubol maninirahan ang lahat ng taga-Israel 43 para malaman ng inyong mga inapo na matapos kong ilabas mula sa lupain ng Ehipto ang mga Israelita ay pinatira ko sila sa mga kubol. Ako si Yaweng inyong Diyos."

44 Kaya itinuro ni Moises sa mga anak ng Israel ang mga piyesta ni Yawe.

**24** 1 Nagsalita si Yawe kay Moises: 2 "Iutos mo sa mga Israelita na magdala sa iyo ng purong langis ng dinurog na mga olibo para sa ilawan upang laging may ningas ang mga ilaw. 3 Sa Toldang Tagpuan ito ihahanda ni Aaron sa labas ng kurtinang nasa harap ng Pahayag upang laging magningas sa harap ni Yawe mula hapon hanggang umaga. Panghabampanahong kautusan ito sa inyong mga salinlahi. 4 Ihahanda niya ang mga ilawan sa kandelabrang lantay na ginto upang laging magningas sa harap ni Yawe.

5 Kukuha ka ng pinong harina at magluluto ng labindalawang tinapay na tigalwang ikapu ng efa. 6 Iaayos mo ang mga ito sa dalawang hanay, anim sa bawat hanay, sa lantay na gintong mesa sa harap ni Yawe. 7 Lalagyan mo ng purong insenso ang bawat hanay bilang pag-alaala, isang handog na pinadaan sa apoy kay Yawe.

8 Tuwing Araw ng Pahinga ilalagay ang mga tinapay na iyon sa harap ni Yawe sa ngalan ng mga Israelita magpakailanman; ito'y isang walang hanggang tipan. 9 Para kay Aaron at sa kanyang mga anak ang mga iyon, at kakanin nila ang mga iyon sa isang banal na lugar, dahil kabanal-banalan ngang pagkain ang mga iyon kaysa ibang mga handog na pinadaan sa apoy kay Yawe. Panghabampanahong kautusan ito."

### Paglapastangan o pag-insulto sa Diyos

10 May anak ng isang inang Israelita at amang Ehipsiyo. 11 Ininsulto at sinumpa ng nasabing anak ng Israelita (na Selomit ang pangalan at anak na babae ni Dibri sa tribu ng Dan) ang Pangalan. Kaya dinala siya kay Moises 12 at ipinabilanggo hanggang maipahayag ang pasya ni Yawe.

13 At sinabi ni Yawe kay Moises: 14 "Ilabas mo ng kampo ang nanlait at pagkapatong sa kanya

---

• **24.**17 *Mata sa mata.* Inilalahad sa 24:19 ang tinatawag na "Batas ng Talion" o Pagganti. Parang malupit ang batas na ito. Waring tinatanggap nito na normal lamang ang paghihiganti. Ngunit sa totoo'y hangad nitong limitahan ang isang napakarahas na simbuyo ng damdamin gaya ng galit at ng pagnanais na gumanti. Kaya itinatakda ng batas na ito na puwede lamang saktan ang kalaban katumbas ng perwisyong nagawa nito: *mata sa mata, ngipin sa ngipin.* Isa itong paraan ng pagsisibilisa sa mga taong napakalayo pa sa pagiging Kristiyano. Isang bagay na bagungbago ang pagpapatawad ayon sa ipinangaral ni Kristo.

ng mga kamay ng lahat ng nakarinig sa kanya, batuhin siya ng buong pamayanan. 15 At saka mo sabihin sa mga Israelita: Mananagot sa kanyang kasalanan ang sinumang sumumpa sa kanyang Diyos. 16 Papatayin ang sinumang uminsulto sa Ngalan ni Yawe. Babatuhin siya ng buong pamayanan; papatayin ang sinumang uminsulto, dayuhan man o katutubo.

**Ang batas ng pagganti**

• 17 Papatayin ang taong nakamatay.

18 Papalitan ng pumatay ang hayop na kanyang pinatay – buhay kapalit ng buhay. 19 Kung may manakit sa kanyang kapwa, sasaktan din ito gaya ng kanyang ginawa. 20 Bali sa bali, mata sa mata, ngipin sa ngipin! Ang ginawa niya sa iba ay gagawin din sa kanya. 21 Papalitan ng pumatay ang hayop na kanyang pinatay pero papatayin ang makamatay ng tao.

22 Iisa lamang ang paghatol ninyo sa dayuhan at katutubo. Ako si Yaweng inyong Diyos."

23 Matapos itong sabihin ni Moises sa mga Israelita, inilabas nila ng kampo ang taong nang-insulto at binato siya; kaya tinupad nila ang iniutos ni Yawe kay Moises.

**Taon ng Pahinga at Magandang Pahayag**

**25** • 1 Kinausap ni Yawe si Moises sa Bundok Sinai: 2 "Kausapin mo ang mga Israelita, at sabihin sa kanila: Pagpasok ninyo sa lupaing ibibigay ko sa inyo, magpapahinga ang lupa para kay Yawe tuwing ikapitong taon. 3 Sa loob ng anim na taon, maghahasik ka sa iyong bukirin, puputulan ang iyong ubasan at aanihin ang bunga; 4 ngunit sa ikapitong taon, o taon ng pahinga o sabbat kay Yawe, magpapahinga ang lupa. Huwag kang maghahasik sa iyong bukirin, o puputulan ang iyong ubasan; 5 huwag mong kukunin ang kusang sumibol pagkaani o pipitasin ang bunga ng iyong ubasang hindi inalagaan.

Ito ang magiging taon ng pahinga para sa lupa, 6 ngunit magsisilbing pagkain mo at ng iyong mga alipin, ng iyong upahang trabahador at ng dayuhang nakikipanirahan sa iyo ang anumang ibunga niyon. 7 Ang bunga niyon ang magbibigay rin ng pagkain sa iyong hayupan pati na sa mababangis na hayop sa iyong lupain.

8 Pagkatapos ng pitong sabbat ng mga taon, pitong tigpipitong taon o pitong linggo ng mga taon, kayat apatnapu't siyam na taong lahat, 9 sa ikasampung araw ng ikapitong buwan, patutunugin ang trumpeta sa lahat ng lugar. Sa Araw na ito ng Pagbabayad-sala, patutunugin ang trumpeta sa buong lupain. 10 Pabanalin ang ikalimampung taon at ipahayag ang pagpapalaya sa buong lupain para sa lahat ng naririto. Ito ang magiging Taon ng Magandang Pahayag para sa inyo sapagkat mababawi ng bawat isa ang kanyang

• **25.**1 Kailangan ding magpahinga ang lupa. Alam natin kung paanong maraming lupa sa kasalukuyan ang "pagod na pagod" na't said na ang yaman sa di-wastong pagsasaka. Gusto ng taong umani nang umani nang mas marami. Pinipilit nitong mamunga ang lupa nang higit pa sa kaya nitong ibigay. At ngayo'y pinipilit niya pati na ang makinarya, ang kanyang mga trabahador, at maging sarili niyang kalusugan: minamaltrato niya ang lahat pati na ang kanyang sarili dahil kulang siya ng tiwala sa Diyos.

Iniuutos ng Diyos na papagpahingahin ang lupa. Sumasapit tuwing pitong taon *ang taon ng sabbat* (o ng pahinga) gaya ng sabbat o araw ng pahinga na sumasapit tuwing pitong araw. Bukod sa pagiging kapaki-pakinabang ng taong ito ng sabbat para sa kasaganaan ng bukid, binibigyan pa rin nito ng panahon ang mga Israelita para maitalaga ang sarili sa mga gawaing panrelihiyon, pangkultura o pampamayanan. Nirerendahan nito ang nag-aapoy na determinasyong ilaan ang sarili sa pagtatrabaho na nauuwi sa ganap na pagiging asiwa ng tao sa sarili.

Kung natatapat sa panahon ng pagdarahop ang taong ito, o pagkatapos kaya ng isang pananalakay, mauunawaan nating isang napakalaking sakripisyo ang pagsunod sa atas na ito (tingnan 1 Mac 6:49). Subalit ang Diyos mismo ang nangangakong tutulong sa mga tutupad nito nang may pananampalataya (23:30), na isang pagpapauna sa sinasabi ng Ebanghelyo sa Mateo 6:23.

Ipinagdiriwang naman *ang Taon ng Magandang Pahayag* tuwing limampung taon: mas sagrado pa ang halaga nito. Taon ng Magandang Pahayag dahil hinihipan ang *sungay* (o *yobel* sa wikang Hebreo) para ipahayag ang banal na taong naturan. Sa taong ito kinakailangang palayain ang lahat ng alipin at isauli ang mga nakasanlang bukirin at bahay sa mga may-ari ng mga ito nang di pinagbabayad.

Ang garantiyang ito ng di-naisasaling pamana na ibinibigay sa mga dukha at sawimpalad, ay nagpapatibay sa paggalang sa pagkatao. Ipinahahayag ito sa balangkas ng lipunang nasa pangkabukirang yugto pa lamang, pero ang diwang nagpapasigla rito ang lagi nating dapat itaguyod. Ang pagbagsak ng sistemang sosyalista ay nagbigay lamang ng monopolyo sa

ari-arian at uuwi sa kanya-kanyang ang-
kan. 11 Sa ikalimampung taong ito, ang
inyong Taon ng Magandang Pahayag,
huwag kang maghahasik o mangunguha
ng kusang sumibol pagkaani o mami-
mitas ng bunga sa ubasang hindi inala-
gaan, 12 sapagkat magiging banal para sa
inyo ang taong ito ng Magandang Paha-
yag, at kakanin mo ang kusang ibubunga
ng bukiring hindi binungkal.

13 Sa taong ito ng Magandang Pahayag,
mababawi ng bawat isa sa inyo ang kan-
yang ari-arian. 14 Sa pagtitinda mo o pag-
bili ng anuman sa iyong kapwa, huwag
kayong manlamang sa isa't isa. 15 Bibili ka
sa iyong kababayan ayon sa bilang ng
mga taong lumipas pagkatapos ng Ma-
gandang Pahayag, at pagbibilhan ka na-
man niya batay naman sa bilang ng mga
taong nalalabi bago mag-ani. 16 Kung
marami ang mga taon, tataasan mo ang
presyo; at kung kakaunti naman ang mga
taon, bababaan mo ang presyo, sapagkat
ang bilang ng ani ang talagang ipinagbibili
niya sa iyo.

17 Kaya huwag kayong manlamang sa
isa't isa, kundi magkaroong-pitagan sa
iyong Diyos, sapagkat ako si Yaweng
Diyos mo. 18 Gawin ninyo ang aking mga
kaugalian at sundin ang aking mga pasya,
at mabubuhay kayo nang matiwasay sa
lupain. 19 At ipagkakaloob ng lupa ang
mga bunga nito, at kakain kayo hanggang
mabusog, at mabubuhay nang panatag.

20 Ngunit kung itatanong mo – Ano ang
aming kakanin sa ikapitong taon kung
hindi kami maghahasik o mag-aani? –
21 ipadadala ko sa inyo ang aking pagpa-
pala sa ikanim na taon, at ito'y magbu-
bunga nang sapat para sa tatlong taon.
22 Kaya sa ikawalong taon, ang matitira sa
dating ani ang magbibigay sa inyo ng
panghasik at pagkain hanggang sumapit
ang anihan sa ikasiyam na taon.

23 Hindi maipagbibili nang panghabam-
panahon ang lupa sapagkat ang lupa ay
akin, at kayo ay mga dayuhan at panau-
hin ko lamang.

24 Maaaring tubusin ang lupa sa buong
lupaing sakop ninyo. 25 Kung maghirap
ang iyong kababayan at ipinagbili niya
ang kanyang ari-arian, tutubusin ng pina-
kamalapit niyang kamag-anak ang ipi-
nagbili niya.

26 Kung wala naman siyang kamag-
anak na tutubos nito para sa kanya, kundi
siya mismo ang magkaroon ng sapat na
pantubos, 27 kukuwentahin niya ang
halaga para sa mga taon mula nang ipag-
bili niya iyon, at babayaran sa kanyang
pinagbilhan ang halagang para sa nala-
labi pang mga taon, at sa gayon niya
mababawi ang kanyang ari-arian. 28 Ngu-
nit kung hindi naman siya magkaroon
ng sapat na pantubos, mananatili ang
ipinagbiling ari-arian sa nakabili hang-
gang sa Taon ng Magandang Pahayag
kung kailan isasauli iyon sa dating may-
ari.

29 Sa ganito ring paraan, kung may magbenta
ng bahay na nasa napapaderang lunsod, may
karapatan siyang tubusin iyon sa loob ng isang

---

walang-habas na liberalismo. At ang liberalisasyon ng palitan, na dogma ng ilang nakapangyayaring bansa, ay nagbunga lamang ng pagpaparami pa sa milyun-milyon nang dukha na inalisan ng hanapbuhay at yaman ng bansa – sa pamamagitan ng mga pangako, siyempre, ng magandang kinabukasan para sa kanilang mga apo sa tuhod.

*Ang lupa ay akin* (23). Subukan mo ngang sabihin ito sa mga hasendero o kahit na sa isang maliit na may-ari ng lupa! Hindi nangangahulugan na hindi gaanong nakakaeskandalo ang pahayag na ito noong panahong isulat ito. Pero ano ngayon ang sasabihin ng mga may gustong iakma ang pananampalatayang Kristiyano sa isang sekularisadong daigdig?

*Kayo'y mga dayuhan at panauhin ko lamang dito*. Ipinagmamalaki ng mga bayang nasa paligid ng Israel ang pagkakatira nila sa iisang lupain at pagmamay-ari nila nito mula pa nang likhain ang mundo. Subalit para sa Israelita, ang lupa ay isang pamanang tinanggap niya kay Yawe. Sa mahahabang kabanata ng Deuteronomio at Josue na nagsasalaysay sa pagsakop at paghahati sa Lupang Banal, lagi itong tinutukoy bilang *pamana*. Ito ang pamanang ibinibigay ni Yawe sa mga tribu ng kanyang bayan. Kayat sa mga tribung iyon ang lupa. At bukod sa personal na pagmamay-ari sa lupa, may mga lupa pa ring pag-aari ng pamayanan na pana-panahong hinahati at ipinamamahagi.

taon mula sa araw ng pagbibilihan. 30 Kung hindi iyon matubos sa loob ng isang taon, ang bahay sa napapaderang lunsod ay magiging ari-arian na ng bumili at ng kanyang mga inapo sa habampanahon, at hindi ito isasauli sa Taon ng Magandang Pahayag. 31 Ang mga bahay sa mga kanayunang hindi napapaderan ay ipinalalagay na mga bukirin, kaya maaaring tubusin ang mga ito, at isasauli sa Taon ng Magandang Pahayag.

32 Sa mga lunsod naman ng mga Levita, may palagian silang karapatang tubusin ang mga bahay na kanilang ari-arian. 33 Ang bahay na ipinagbili na nasa kanilang lunsod ay ibabalik sa panahon ng Magandang Pahayag, sapagkat ang mga bahay sa mga lunsod ng mga Levita ay mga ari-arian nila sa piling ng mga Israelita. 34 Hindi rin maipagbibili ang bukirin na nasa kanilang mga lunsod: ari-arian nila ang mga iyon sa habampanahon.

**Paano magpapahiram sa kapwa**

• 35 Kung maghirap ang iyong kababayan at hindi na niya maharap ang sitwasyon, tulungan mo siya tulad ng pagtulong mo sa dayuhan at panauhin upang mabuhay siya nang dahil sa iyo. 36 Huwag mo siyang pagtutubuan, kundi magkaroon ka ng pitagan sa iyong Diyos upang patuloy na mabuhay sa piling mo ang iyong kababayan. 37 Huwag mo siyang pagtutubuan kapag pinahiram mo siya ng pilak o pagkain. 38 Ako si Yaweng Diyos ninyo na naglabas sa inyo mula sa lupain ng Ehipto upang ibigay sa inyo ang lupain ng mga Kanaan, at maging Diyos ninyo.

39 Kung maghirap ang iyong kapwa at ipagbili ang sarili sa iyo, huwag mo siyang pagtatrabahuhin bilang alipin, 40 ngunit ituring mo siya bilang upahang trabahador o dayuhan, at magtatrabaho siya sa iyo hanggang sa Taon ng Magandang Pahayag.

41 Saka siya aalis, kasama ang kanyang mga anak, at uuwi sa sariling angkan at sa ari-arian ng kanyang mga ninuno. 42 Sapagkat mga katulong ko sila na inilabas ko mula sa lupain ng Ehipto at hindi sila dapat ipagbili bilang mga alipin.

43 Huwag mo siyang pagmalupitan, kundi magkaroon ka ng pitagan sa iyong Diyos.

44 Tungkol naman sa mga aliping lalaki at babae, sa mga bansang nakapaligid sa inyo ninyo sila bibilhin. 45 Makabibili rin kayo mula sa mga dayuhang nakikipamayan sa inyo o mula sa kanilang mga kaanak na ipinanganak sa inyong lupain – maaaring maging ari-arian ninyo ang mga ito. 46 At maipamamana ninyo sila sa inyong mga anak, at magagawa silang alipin habambuhay. Ngunit hindi ninyo dapat pagmalupitan ang inyong mga kapwa-Israelita.

47 Kapag ang isang dayuhan o pansamantalang nakikipamayan ay yumaman, at isa sa iyong kababayan ay maghirap at kailangang ipagbili ang sarili sa dayuhang nakikipamayan sa inyo o sa kaanak ng dayuhan, 48 may karapatan pa rin siyang matubos. Maaari siyang tubusin ng isa sa kanyang mga kapatid, 49 o ng kanyang tiyo o anak ng kanyang tiyo o isang malapit na kamag-anak. 50 Kung yumaman siya, siya mismo ang tutubos sa kanyang sarili. Tutuusin niya at ng nakabili sa kanya ang bilang ng taon mula sa taon ng pagkakabili sa kanya hanggang sa Taon ng Magandang Pahayag, at ibabatay ang halaga sa suweldo ng arawang

• 35. Mga paring Judio na may dakilang hangarin ang sumulat sa mga talatang ito ngunit sa loob ng isang sinaunang ekonomiya na wala na sa ngayon. Nagdulot ito ng maraming pag-aalinlangan at pagtanggi mula sa ika-12 hanggang ika-15 dantaon pagkarating ni Kristo, nang mangailangan ng kapital ang paglawak ng kalakalan. Maraming Kristiyano ang tumangging makilahok sa sistema dahil sa mga pagbabawal na ito; ang mga Judio naman, nang makita nilang pinahihintulutan sila ng mga pahinang ito na magpautang nang may patubo sa mga pagano (para sa kanila: mga Kristiyano), naging mga bangkero sila ng mundong Kristiyano. "Huwag magpautang nang may patubo." Ganito ang batas ng pakikipag-isa at pag-ibig pangkapatiran. Pero nagbigay ng isa pang usapin ang pagdating ng dambuhalang negosyo at industriya: kailangang magka-"interes" ang mga mamumuhunan at hikayatin silang magpautang ng kinakailangang pondo. Nakikita natin dito, tulad sa marami pang ibang katunayang pantao, na nakaugnay ang bawat batas sa isang partikular na panahon at pamumuhay. Kailangang imbentuhin ng bawat salinlahi ang pamumuhay nito, ang katapatan nito sa Salita ng Diyos. Kaya nga, sa Biblia, sa pag-aaral nating ng mga batas na may kinalaman sa isang partikular na problema, may nakikita tayong ebolusyon ng isang teksto tungo sa isa pang teksto, sa katunaya'y, ng isang epoka tungo sa isa pa (tingnan Ex 21:2-11; Lev 25:39-43; Dt 15:12-18).

trabahador para sa gayong bilang ng mga
taon.
51 Kung marami pang taon ang nalalabi, ba-
bayaran niya ang nalalabi pang panahon batay
sa halagang ibinayad para sa kanya. 52 Kung
ilang taon na lamang ang nalalabi para sa Taon
ng Magandang Pahayag, kukuwentahin niya
ang halaga at babayaran ito batay sa nalalabi.
53 Ituturing siyang katulong na inuupahan taun-
taon, at tiyakin mong hindi siya pagmamalupi-
tan ng kanyang amo.
54 Kung hindi siya matutubos sa alinman sa
mga paraang ito, palalayain siya at ang kanyang
mga anak sa Taon ng Magandang Pahayag.
55 Sapagkat mga katulong ko ang mga anak ng
Israel; sila ang aking mga katulong na inilabas
ko mula sa lupain ng Ehipto. Ako si Yaweng
Diyos ninyo."

**26** 1 "Huwag kayong gagawa ng mga diyus-
diyusan para sa inyong sarili o magta-
tayo ng mga estatwa o sagradong haligi o inukit
na bato sa inyong lupain upang yumuko sa
harap ng mga ito, sapagkat ako si Yaweng Diyos
ninyo.
2 Ipangilin ninyo ang aking mga Araw ng
Pahinga at igalang ang aking santuwaryo. Ako si
Yawe.

**Mga pangako ng Diyos**

• 3 Kung lalakad kayo ayon sa aking
mga kaugalian at susundin ang aking
mga utos, at isasabuhay ang mga ito,
4 bibigyan ko kayo ng ulan sa panahon
nito at magbubunga ang lupa at ang mga
punungkahoy sa bukid; 5 tatagal hang-
gang sa pamimitas ang panahon ng pag-
giik, at ang pamimitas hanggang pag-
hahasik. Kakain kayo hanggang gusto
ninyo, at mabubuhay nang matiwasay sa
inyong lupain.
6 Bibigyan ko ng kapayapaan ang in-
yong lupain, at mahihiga kayo nang wa-
lang pinangangambahan. Papawiin ko sa
lupain ang mababangis na mga hayop at
di ko padadaanin ang tabak sa inyong
lupain. 7 Hahabulin ninyo ang inyong mga
kaaway at mabubuwal sila sa harap ng
inyong tabak; 8 lima sa inyo ang tutugis sa
sandaan sa kanila, at sandaan naman sa
inyo sa sampung libo sa kanila, at ma-
bubuwal sila sa inyong tabak sa harap
ninyo.
9 Haharap ako sa inyo at gagawin ka-
yong mabunga, at pararamihin ko kayo at
pagtitibayin ko ang aking tipan sa inyo.
10 Kinakain pa ninyo ang dating ani ay
kailangang ilabas na ninyo ang naka-
imbak upang may paglagyan sa bago.
11 Ilalagay ko ang aking Tirahan sa pi-
ling ninyo at hindi ako magsasawa sa
inyo. 12 Lalakad ako sa inyong piling; ako
ang magiging Diyos ninyo at kayo naman
ang magiging bayan ko. 13 Ako si Yaweng
Diyos ninyo na naglabas sa inyo mula sa
Ehipto upang hindi na nila maging alipin.
Winasak ko na ang halang ng inyong mga
pamatok upang makalakad kayo nang
tuwid.

**Mga sumpa**

14 Ngunit kung hindi kayo makikinig sa akin
at hindi tutuparin ang lahat ng utos na ito, 15 kung
pagsasawaan ninyo ang aking mga kaugalian,
at kasusuklaman ang aking mga kautusan, at
tatangging isagawa ang lahat kong utos, at
sisirain ang aking pakikipagtipan, 16 ito naman
ang aking gagawin: padadalhan ko kayo ng

---

• **26.**3 Isang batas ng buhay ang Batas ng Diyos. Sa pagbale-wala rito ng tao, sarili niya mismo ang kanyang sinisira. Katarungan, kabutihan, pagrespeto sa buhay ang hinihingi rito ng Diyos sa kanyang bayan. Nakapagtatakda ng ganito ang Diyos sapagkat bibigyang-matwid ng mga pangyayari ang kanyang salita: walang-mintis ang kanyang mga pangako sa paghahatid ng mga pagpapala o kapahamakan.

Sinulat sa panahon ng Pagkatapon ang wakas ng kabanatang ito, Inilalarawan nito ang patuloy na pagkabulok ng bayang Judio bago sila ipinatapon. Parang "parusa ng Diyos" ang pagkawasak na ito, pero bunga rin ito ng kanilang mga pagkakamali. Sapagkat sariling libingan ang hinuhukay ng anumang lipunang bumabale-wala sa mga pundasyon ng isang moral na pamumuhay.

Pinaghahambing ng kabanatang ito ang kapayapaan at pagiging mabunga at ang kawalang-seguridad, at pagkakahati-hati ng mga ayaw makinig sa Diyos:

– nanganganak ng karahasan ang kawalang-katarungan,

– pinanghihina ng kaluwagan sa sex ang diwa ng pagsasakripisyo,

– sinasayang ang yaman ng bansa sa luho at mga puwersa ng paniniil,

Hanggang sa *kainin* ng bayang ito *ang laman ng kanilang mga anak*.

sindak, tuberkulosis at lagnat na magpapalabo
sa inyong mga mata at sasaid sa inyong buhay.
Walang mangyayari sa inyong paghahasik sa-
pagkat kakanin ito ng inyong mga kaaway.

17 Haharapin ko kayo hanggang malupig
kayo ng inyong mga kalaban. Ang mga namu-
muhi sa inyo ang maghahari sa inyo, at tatakas
kayo bagamat walang tumutugis sa inyo.

18 Kung pagkatapos ng lahat ng ito ay hindi
pa rin kayo makikinig sa akin, makapitong
beses ko pa kayong parurusahan sa inyong mga
kasalanan. 19 Wawasakin ko ang inyong ka-
pangyarihan at kayabangan; gagawin kong
parang bakal ang langit at parang tanso ang
lupa para sa inyo. 20 Mawawalang-kabuluhan
ang inyong pagpapapagal; hindi magbubunga ang
inyong lupa pati ang inyong mga punungkahoy.
21 Kung lalabanan ninyo ako at hindi makikinig,
makapitong ulit pa ang salot na ipadadala ko sa
inyo para sa mga pagkakasala ninyo. 22 Paka-
kawalan ko ang mababangis na hayop, at lala-
pain nila ang inyong mga anak; pupuksain ko
ang inyong mga hayupan at pauuntiin ko ang
inyong bilang hanggang matiwangwang pati
ang inyong mga lansangan.

23 Kung sa kabila ng lahat ng ito ay hindi pa rin
kayo nagsisi at mananatili sa paglaban sa akin,
24 ako mismo ang lalaban sa inyo at makapitong
ulit ko kayong parurusahan dahil sa inyong mga
kasalanan. 25 Dadalhin ko ang tabak laban sa
inyo bilang paghihiganti ng aking tipan sa inyo;
at pag nagkatipun-tipon kayo sa inyong mga
lunsod, padadalhan ko kayo ng salot at ibibigay
ko kayo sa mga kamay ng inyong mga kaaway.
26 Kapag ginawa kong kulang ang inyong tina-
pay, sampung babae ang magluluto ng inyong
tinapay sa iisang hurno at irarasyon nila ang
tinapay ayon sa timbang, kakain kayo ngunit
hindi mabubusog.

27 Kung sa kabila ng lahat ng ito ay hindi pa rin
kayo makikinig sa akin at patuloy na lalaban,
28 lalabanan ko kayo sa aking poot, at ako
mismo ang magpaparusa sa inyo nang makapi-
tong ulit sa inyong mga pagkakasala. 29 Kakanin
ninyo ang laman ng inyong mga anak. 30 Wa-
wasakin ko ang inyong mga altar sa burol, at
gigibain ang inyong mga altar ng insenso,
itatambak ko ang inyong mga bangkay sa
ibabaw ng mga walang buhay ninyong diyus-
diyusan, at kasusuklaman ko kayo.

31 Wawasakin ko ang inyong mga lunsod, at
gagawing tiwangwang ang inyong mga san-
tuwaryo, at hindi na ako masisiyahan sa ma-
sarap na amoy ng inyong mga handog. 32 Sasa-
lantain ko ang lupain kayat manggigilalas ang
inyong mga kaaway na nakatira roon. 33 Ikakalat
ko kayo sa mga bansa, at bubunutin ko ang
aking tabak sa inyong likuran, at matitiwang-
wang ang inyong lupa at maiiwang guho ang
inyong mga lunsod. 34 At tatamasahin ng lupa
ang kanyang mga taon ng sabbat hangga't ito'y
nakatiwangwang, samantalang kayo'y nasa
lupain ng inyong mga kaaway; 35 makapagpa-
pahinga ang lupa at tatamasahin ang sabbat
nito. Hangga't tiwangwang ang lupa, makapag-
papahinga ito, na hindi nito naipagpahinga sa
inyong mga sabbat noong kayo'y nakatira rito.

36 Papanghihinain ko naman ang loob ng mga
matitira sa inyo sa lupain ng kanilang mga
kaaway. Magsisitakbo sila sa ingay lamang ng
isang dahong hinihipan ng hangin. 37 Magsi-
sitakas silang parang hinahabol ng taga, at
mabubuwal gayong wala namang humahabol
sa kanila. Magkakabanggaan silang tila hi-
nahabol ng taga, gayong wala namang huma-
habol, at hindi kayo makatatayo sa harap ng
inyong mga kaaway. 38 Pupuksain ko kayo sa
piling ng mga bansa, at lalamunin ng lupain ng
inyong mga kaaway.

39 Mabubulok dahil sa kanilang mga kasa-
maan ang malalabi sa inyo sa lupain ng inyong
mga kaaway, at dahil din sa kasalanan ng
kanilang mga ninuno, magkakasama silang
mabubulok. 40 At aaminin nila ang kanilang mga
kasalanan pati ang kasalanan ng kanilang mga
ninuno. Kikilalanin nila na ang kanilang mga
kataksilan at paglaban sa akin 41 ang dahilan ng
paglaban ko sa kanila kaya dinala ko sila sa
lupain ng kanilang mga kaaway, at matututong
magpakababa ang kanilang pusong natural na
mapaghimagsik, at tatanggapin nila ang kapa-
rusahan sa kanilang kasalanan. 42 At aalalaha-
nin ko ang aking pakikipagtipan kay Jacob at
ang aking pakikipagtipan kay Isaac at ang aking
pakikipagtipan kay Abraham, at aalalahanin ko
ang lupain.

43 Sapagkat iiwan nila ang lupain at tata-
masahin niyon ang kanyang mga sabbat hang-
ga't nakatiwangwang at wala sila, habang
pinagbabayaran nila ang kanilang pagkakasala
sapagkat itinakwil nila ang aking mga pasya at
nagsawa na sa aking mga kaugalian.

44 Gayunman, kapag naroon sila sa lupain ng
kanilang mga kaaway, hindi ko itatakwil o pag-
sasawaan hanggang mapuksa sila at masira ang
pakikipagtipan ko sa kanila, sapagkat ako si
Yaweng Diyos nila. 45 Alang-alang sa kanila,
aalalahanin ko ang pakikipagtipan sa kanilang
mga ninuno na inilabas ko mula sa Ehipto sa
paningin ng mga bansa, upang maging Diyos
nila. Ako si Yawe.

46 Ito ang mga kaugalian, mga kautusan at
mga batas ng pakikipagtipan ni Yawe sa mga
anak ng Israel sa pamamagitan ni Moises sa
Bundok Sinai.

**Tungkol sa mga panata**

27 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Mag-
salita ka sa mga Israelita tungkol sa
panatang kailangang magbayad ng halaga para
matupad. Ikaw ang magpepresyo sa bawat isa
ayon sa katumbas na shekel ng santuwaryo.
3 Para sa lalaking nasa pagitan ng dala-
wampu at animnapung taong gulang: limam-
pung shekel na pilak. 4 At sa babae: tatlumpung
shekel. 5 Sa taong nasa pagitan ng lima at dala-
wampung taong gulang: dalawampung shekel
sa lalaki at sampu sa babae ang takdang ha-
lagang ipepresyo mo. 6 Sa mga nasa pagitan ng
isang buwan at limang taon: limang shekel na
pilak ang ipepresyo mo sa lalaki at tatlo naman
sa babae. 7 Sa mga animnapung taon pataas:
labinlimang shekel ang ipepresyo mo sa lalaki,
at sampu sa babae.
8 Kung mabigat para sa taong may panata
ang pagpepresyo mo, ihaharap siya sa pari na
siyang magpepresyo rito ayon sa kaya ng taong
may panata.
9 Kung hayop ang ipinangakong handog kay
Yawe, magiging banal ang lahat ng ibigay kay
Yawe. 10 Hindi mapagpapalit o maipapalit ang
mabuti sa masama o ang masama sa mabuti.
Kung papalitan ang hayop ng iba pang hayop,
kapwa magiging banal ang dati at ang kapalit.
11 Kung may di-malinis na hayop na di maiaalay
kay Yawe, ihaharap ang hayop sa pari. 12 Siya
ang magpepresyo sa mabuti at sa masama; ang
sinabi niya ang masusunod. 13 Kung gusto ng
nag-aalay na tubusin ang hayop, babayaran
niya ang presyong itinakda ng pari na may
dagdag pang ikalimang bahagi.
14 Kung may magtatalaga ng kanyang bahay
bilang bagay na banal kay Yawe, pepresyuhan
ng pari ang mabuti at masama nito, masusunod
ang sinabi ng pari. 15 Kung gusto ng nagtalaga
ng bahay na tubusin ito, babayaran niya ang
presyong itinakda ng pari at may dagdag pang
ikalimang bahagi.
16 Kung may magtatalaga kay Yawe ng isang
minanang lupain, pepresyuhan ito batay sa
dami ng binhing inihahasik doon: limampung
shekel na pilak para sa bawat homer na se-
bada.
17 Kung itinatalaga ang bukid sa Taon ng
Mabuting Pahayag, ang buong halaga nito ang
susundin. 18 Ngunit kung itinatalaga ito pagka-
raan ng ilang panahon, pepresyuhan ang bukid
batay sa dami ng mga nalalabing taon bago
sumapit ang susunod na Mabuting Pahayag at
babawasan ang halaga ayon sa lumipas na mga
taon.
19 Kung gusto itong tubusin ng nagtalaga ng
bukid, babayaran niya ng takdang halaga, na
may dagdag na ikalima pang bahagi at saka
niya iyon mababawi. 20 Kung sakaling hindi niya
tubusin ang bukid at ipinagbili na sa iba, hindi na
iyon matutubos. 21 At paglaya ng bukid sa Taon
ng Mabuting Pahayag, magiging bagay na banal
iyon kay Yawe tulad ng isang bukid na ginawang
banal (itinakwil kay Yawe) at mapapasapari
iyon.
22 Kung may magtalaga kay Yawe ng isang
bukid na binili niya bukod sa kanyang pamana,
23 pepresyuhan ito ng pari ayon sa dami ng
nalalabing mga taon hanggang sa susunod na
Mabuting Pahayag at babayaran niya sa araw
ring iyon ang takdang halaga bilang bagay na
banal kay Yawe. 24 At sa Taon ng Mabuting
Pahayag mababawi ito ng unang nagbili ng lupa.
25 Isusunod sa shekel ng santuwaryo ang la-
hat ng pagpepresyo; may dalawampung kusing
sa isang shekel.
26 Kay Yawe na ang bawat panganay na
hayop kayat hindi maaaring ipanata ang mga
ito. Kay Yawe iyon, maging baka o tupa. 27 Ngu-
nit maaaring ipanata at tubusin ang di-malinis
na hayop, na may dagdag na ikalimang bahagi.
Kung hindi iyon tutubusin, ipagbibili iyon sa
takdang halaga.
28 Anumang ipanata ng isang tao (bilang
itinakwil) kay Yawe, maging isang tao o hayop
o bukid sa kanyang mga ari-arian, ay hindi
maipagbibili ni matutubos. Kabanal-banalan
kay Yawe ang lahat ng itinakwil nang ganito
29 Hindi matutubos ang taong itinakwil: papa-
tayin siya.
30 Kay Yawe ang lahat ng ikapu ng lupa, mula
man sa halaman o bungangkahoy; banal ito kay
Yawe. 31 Kung may gustong tumubos sa alin-
mang ikapu, magbabayad siya nang may dag-
dag pang ikalimang bahagi.
32 Kay Yawe ang ikapu ng mga bakahan at
kawan at magiging bagay na banal ang bawat
ikasampung hayop na daraan sa ilalim ng tung-
kod ng pastol. 33 Hindi titingnan kung mabuti o
masama ang napili, hindi maaaring magpalit.
Kung may gagawing pagpapalit, ituturing na
banal ang dati at ang kapalit at kapwa hindi
matutubos."
34 Ito ang mga utos na ibinigay ni Yawe kay
Moises sa Bundok Sinai para sa mga Israelita.